

1

FILIPINOTEK

Teksto, Wika, at Teknolohiya

May-akda

Daisy Rombano

Aligned with
MATATAG Curriculum



FilipinoTEK1

Teksto, Wika, at Teknolohiya

Ikalawang Edisyon

Daisy Rombano



Trademark of TechFactors Inc.

Karapatang-ari 2024 by TechFactors Inc.

Reserbado ang lahat ng Karapatan. Ipinagbabawal na sipiin ang anomang bahagi ng aklat na ito nang walang pahintulot mula sa mga may-akda o tagapaglathala.

Unang limbag ng Ikalawang edisyon, 2024
ISBN

Inilathala sa Pilipinas ng TechFactors Inc.
Inilimbag sa Pilipinas

Manunulat Daisy Rombano

Tagapagdisenyo ng Pabalat Christian Andrew B. Sabado

Pangkat ng Pamamahala Mabeth Magandingan at Daisy Rombano

Tagaguhit at Tagapagdisenyo Justine Eliza Fontanilla

Exclusively distributed by TechFactors Inc.
101 V. Luna Ave., Sikatuna Village,
Diliman, Quezon City
1101 Philippines

Telephone number: (632) 8929 6924
Email address: info@techfactors.com
Website: www.techfactors.com

Images with license from Freepik (<https://www.freepik.com>)

Ang nilalaman ng aklat na ito ay pagmamay-ari ng Techfactors Inc. at pawang mga orihinal at sariling katha ng mga may-akda, kabilang rito ang mga larawan at ilustrasyong ginamit sa bawat aralin. Anomang pagkakawangis ng ilang larawan sa likha ng iba ay hindi sinasadya at nagkataon lamang.

PAUNANG SALITA

Ninana ng TechFactors Inc. na gawing epektibo, may patutunguhan, at makabuluhang karanasan ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng de-kalidad at may katuturang kagamitan para sa mga Pilipinong mag-aaral. Itinataguyod ng TFI ang edukasyonal na pag-unlad sa mga programang akademiko sa mga paaralan at tinutugunan ang kanilang pangunahing kasanayan sa iba't ibang larang. Pinalalago rin ang indibidwalidad ng mga mag-aaral, kakayahang solusyonan ang mga problema, at malikhaing kakayahan gamit ang outcome-based approach. Ang ganitong pamamaraan ay nag-uudyok sa mga mag-aaral na maging mapang-usisa at kusang magtuklas mula sa sarili nang sa gayon ay magkaroon sila ng mayamang karanasan.

Ang aming layunin ay magbigay ng makabuluhang edukasyon sa mga mag-aaral mula K-12 ayon sa pamantayan na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa kanilang MATATAG Kurikulum. Ang bagong kurikulum na ito ay hindi lamang nakakaimpluwensya sa estilo ng pagtuturo kung hindi pati na rin sa mga pamamaraan ng pagsusuri, na nagtataguyod sa mas malalim na pag-unawa at pagpapanatili ng kaalaman. Ang aming disenyo sa pagtuturo ay nakahanay sa konteksto ng Pilipinas na bumubuo sa koneksyon ng praktikal na aplikasyon at nagtataguyod ng kolaborasyon at malikhaing kakayahan sa pagitan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, tinitiyak namin na makakamtan ng mga mag-aaral ang mahahalagang kasanayan para sa ika-21 siglo, kabilang ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon, pagkamalikhain, at kolaborasyon—mga kasanayang angkop at mahalaga para sa paghahanda sa kanilang pag-aaral.

Sa paggamit ng mga programang pang-edukasyon ng TFI, ang mga tagapagturo ay binibigyan ng mahahalagang sanggunian na nagsisilbing pundasyon para sa pagpapaunlad ng kaalaman, kakayahan, at kasanayang mahalaga sa pagharap ng mga hamon at pagkakataong dulot ng mabilis na pagbabago sa mundo. Ibinabahagi namin ang bisyon ng DepEd na maging inklusibo, integratibo, at makabago ang mga silid-aralan na ang pangunahing layunin ay makabuo ng mga mag-aaral na makatutulong sa pagtataguyod ng isang progresibo at nagkakaisang bansa—isang bansang maunlad sa ekonomiya, matatag sa sosyo-politikal, nagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba, at kakayahang magpatuloy sa mahabang panahon.

TechFactors Inc.

PARAAN NG PAGGAMIT NG AKLAT

Ang mga paglalarawan ng bawat bahagi ng aralin sa ibaba ay nagsisilbing gabay para maunawaan mo ang nilalaman at layunin ng aklat na ito para sa isang makabuluhang pagkatuto sa pag-aaral ng Filipino:



Layunin

Mga itinakdang layunin at inaasahang matutuhan ng mga mag-aaral sa isang partikular na aralin sa wika at pagbasa.




Paghahabi ng mga Salita

Listahan ng mga talasalitaan na makatutulong sa ganap na pag-unawa ng mag-aaral sa babasahing seleksyon.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang tampok na literatura para sa aralin



Pagtatagpi ng Talino

Pagtatasa sa pagbasa
Naglalaman ng mga katanungan na susubok sa pang-unawa ng mag-aaral tungkol sa binasang seleksyon.



Paglililinaw sa Kaalaman

Pagtalakay sa Pagbasa



Pagpapalalim

Gawain na may kinalaman sa Pagbasa




Paglalatap ng Karunungan

Ito ang bahaging tumatalakay sa balarila o gramatika, pagbibigay kahulugan sa paksa.



Paglatag ng Kasanayan

Gawaing Pangkatan



Pagsasalansan

Pagbubuod ng mga pinag-aralan sa buong aralin.

ANO ANG BAGO?

1. Ang Filipinotek ay alinsunod sa bagong Matatag Kurikulum na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon.
2. Ang mga aralin ay naglalayong higit na mahimay ang paksang tatalakayin sa gramatika at literatura.
3. Maiksi ngunit puno ng kaalaman ang pagtalakay sa mga paksa.
4. Naglagay ng mga karagdagang makukulay na ilustrasyon sa iba't ibang bahagi ng aralin.
5. Isang komprehesibong pangkalahatang ideya ang idinagdag, na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga pangunahing paksa, layunin, at inaasahang resulta ng pag-aaral sa bawat yunit.
6. May karagdagan at binago na gawain para sa indibidwal at pangkatang gawain.
7. Bagong *layout* at disenyo.
8. Itinampok ang mga bago at pinahusay na mga *interactive*.

TUNGKOL SA MANUNULAT

Daisy Rombano

Si Daisy Rombano ay nagtapos ng Batsilyer ng Sekondarya sa Edukasyon Medyor sa Filipino sa Rizal Technological University, isa ng ganap at lisensyadong guro. Nakapagturo siya ng Junior at Senior High School sa Community of Learners sa loob ng limang taon at naging tagapayo ng klase. Napasama na rin siya bilang Tagapagsanay sa DepEd Trainer's Program (PRIMALS) at kasalukuyang Content Developer sa TechFactors Inc.

TALAAN NG NILALAMAN

Kabanata 1		1
Aralin 1	Ako si Ani	3
Aralin 2	Mga Patinig kong Kasama	9
Aralin 3	Batang Matapat	16
Aralin 4	Ang Aking Pamilya	22
Aralin 5	Araw-araw na Pagmamahal ni Inay	28
Aralin 6	Si Kuneho at Pagong	35
Kabanata 2		40
Aralin 7	Masaya sa Aming Paaralan	41
Aralin 8	Ang Aming Paaralan	47
Aralin 9	Pagkilala ng mga Simbolo o Babala sa Paligid	53
Aralin 10	Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan	59
Aralin 11	Ang Aking Kaibigan	65
Aralin 12	Ang Masayang Pagdiriwang	72
Kabanata 3		78
Aralin 13	Mga Hinahangaan sa aming Komunidad	79
Aralin 14	Mga Lugar sa Komunidad	85
Aralin 15	Masayang Serbisyo at Mabuting Produkto	92
Aralin 16	Maging Responsableng Mamamayan	100
Aralin 17	Kalinisan at Kaayusan sa Komunidad	109
Aralin 18	Ang Alamat ng Makahiya	117
Kabanata 4		129
Aralin 19	Ugaliing Maglinis!	130
Aralin 20	Ating Kapaligiran, Mahalin at Pagyamanin Natin	138
Aralin 21	Si Mang Lito na Mangingisda	146
Aralin 22	Malinis at Maayos na Komunidad	154
Aralin 23	Alamat ng Ulan	162
Aralin 24	Ayaw Maging Taya ni Buding Biik	173

KABANATA 1

Sarili at Pamilya

Sa kabanatang na ito, magkakaroon ka ng pagkakataong ipakita at paunlarin ang iyong kakayahan sa pagbasa, pagsalita, at pakikinig. Mapapalawak mo rin ang iyong kaalaman sa paggamit ng wika, lalo na sa pakikipag-ugnayan sa loob ng silid-aralan at sa pagpapahayag ng iyong mga ideya tungkol sa iba't ibang paksa, partikular na ang mga may kinalaman sa sarili at pamilya.

ARALIN 1

Ako si Ani



Sa araling ito, magsasanay sa pakikinig at pagsasalita. Matutukoy ninyo rin ang tugmaan na ginamit sa binasang tula. Gayundin, magagamit ang mga salitang pagbati at maipakilala ang sarili.



Layunin


- ◇ Nalalaman at nababanggit ang mga pahayag na ginagamit sa pagbati
- ◇ Natutukoy ang tugmaan sa mga tula o awiting pambata.
- ◇ Nalalaman at nababanggit ang mga pahayag na ginagamit sa pagbati.



Paghihibla ng mga Salita

magalang (ma-ga-lang) – tumutukoy sa pag-uugali ng isang tao na nagpapakita ng respeto sa iba.

malusog (ma-lu-sog) – naglalarawan sa estado ng kalusugan na positibo.



Paghahabi ng Kaalaman




Ako si Ani

Ako'y batang magalang
Isang mabait, at laging nakangiti.
Malusog ang aking katawan
Dahil ito'y aking iniingatan.



Pagtatagpi ng Talino

- Ano ang katangian ng bata ayon sa tula?
- Ikaw? Ano-ano ang iyong katangian?



Paglililaw sa mga Kaalaman

Ang binasang tula ay may **tugma**.

Pansinin ang mga halimbawa at bigkasin ulit natin ang tula.

1. Malusog ang aking **katawan**.
Dahil ito'y aking iniingatan.




Bahay kubo, kahit munti,
ang halaman doon ay sari-sari.
singkamas at talong,
sigarilyas at mani
sitaw, bataw, patani

Muling bigkasin ang ilang bahagi ng ating mga binasa:

- Ang mga salita ba sa dulo ng bawat linya ay magkatunog o hindi magkatunog?

Tugma naman ang tawag sa pagkakatulad ng tunog sa mga salita. Madalas itong naririnig sa bawat huling linya ng mga tula o salita.



Pagpapalalim

Panuto: Kantahin ang mga awiting pambata.
Pagkatapos kantahin ay tukuyin ang mga salitang magkakatugma.

*Magtanim ay 'di biro
Maghapong nakayuko
'Di manlang makaupo
'Di manlang makatayo*

*Halina, halina, mga kaliyag,
Tayo'y magsipag-unat-unat.
Magpanibago tayo ng lakas
Para sa araw ng bukas
Para sa araw ng bukas!*



Paglalapad ng Karunungan

Pag-aralan natin ang iba-ibang magagalang na pananalita sa loob ng kahon.

Ang paggamit ng salita **“maaari po ba? o Pwede po ba?”** ay mga salitang paggalang na nagpapahiwatig na ikaw ay humihingi ng pahintulot.

Ang pagbati naman ay nagpapakita din ng paggalang sa ating kapwa. Tulad ng sumusunod:

Magandang umaga po!
Magandang tanghali po!
Magandang hapon po!
Magandang gabi po!

Ang paggamit
ng salitang
“salamat po” ay
nagpapakita rin
ng paggalang at
pasasalamat.

Ang paghingi naman
ng **paumanhin** tulad
ng **“Patawad po, hindi
ko po sinasadya”**,
ay nagpapakita
ng paggalang at
kababaang loob.

Pagsasanay

Panuto: Ang bawat pangkat ay pupunta ng bawat istasyon. Pumunta sa iyong istasyon. Banggitin ang nararapat na salita.

Halimbawa, Estasyon 1: “Sa Umaga”, ang mga mag-aaral ay maaaring magsabi ng “Magandang umaga!”

Istasyon 1: Sa Umaga

Istasyon 2: Sa Klase

Istasyon 3: Bago Kumain


Istasyon 4: Bago Matulog



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Bakatin ang mga putol-putol na linya upang mabuo ang mga pangungusap. Isulat muli sa patlang.

1. Magandang umaga po!
2. Paumanhin po!
3. Salamat po!
4. Maaari po ba makiraan?



Pagsasalansan

Iyong natutuhan ang iba't ibang pagbati at tugma ang tawag sa pagkakatulad ng tunog.

ARALIN 2

Mga Patinig Kong Kasama



Sa araling ito, pag-aaralan nating bumigkas at magdagdag ng titik upang makabuo ng bagong salita. Sa pagbigkas ng tula, babalikan ninyo ang mga patinig at katinig.



Layunin


- ◊ Nakapagbabahagi ng mga kadalasang karanasan.
- ◊ Nakikilala ang mga patinig at katinig.
- ◊ Napapantig ang bawat salita.



Paghihibla ng mga Salita


alaga (a-la-ga) – tumutukoy sa isang bagay o hayop na inaalagaan.

kanta (kan-ta) – bahagi ng musika.




Paghahabi ng Kaalaman


Mga Patinig Kong Kasama



A – para kay **A**tong,
siyang paborito kong **a**so.



E – nariyan si **E**llena,
ang **e**lepane kong alaga.



I – si **i**bon kong si **I**ska,
palipad-lipad habang
kumakanta.




O – naman si **O**no,
kaibigan ko namang **o**so.
Siya kong kasa-kasama,
sa pag-aalaga sa kanila.




U-Uy! **U**nggoy kong si **U**la,
matalino at sobrang
kuwela.

Kaming lahat ay laging masaya,
tuwing magkakasama!


Pansinin at muling basahin ang mga kasama ng nagsasalita sa tula.



Atong (aso)



Ellena (elepante)




Iska (ibon)



Ono (oso)




Ula (unggoy)



Pagtatagpi ng Talino

- Magkaparehas ba ang tunog o unang letra ng kanilang pangalan sa kung anong uri sila ng hayop?
- Sa anong titik nagsisimula ang bawat pangalan at uri ng hayop?



Paglilinaw sa mga Kaalaman

Mga Patinig

Aa
/ey/


Ee
/i/

Ii
/ay/

Oo
/o/

Uu
/yu/

Mga salitang nagsisimula sa patinig



aso



emosyon



ilong



orasan




ulo

- Ilang patinig mayroon sa alpabetong Filipino?
- Ano-ano ang mga patinig sa alpabetong Filipino?
- Paano bigkasin ang tunog ng patinig sa alpabetong Filipino?

Ang iba pang titik ay tinatawag naman **katinig**.

Mga Katinig

Bb /bi/	Cc /si/	Dd /di/	Ff /ef/	Gg /dzi/
Hh /eyts/	Jj /dzey/	Kk /key/	Ll /el/	Mm /em/
Nn /en/	Ññ /enye/	Ng ng /endzi/	Pp /pi/	Qq /kyu/
Rr /ar/	Ss /es/	Tt /ti/	Vv /vi/	Ww /dobolyu/
	Xx /ex/	Yy /way/	Zz /zi/	



Pagpapalalim

- Ilan naman ang katinig sa alpabetong Filipino?
- Ano-ano ang mga katinig sa alpabetong Filipino?
- Paano bigkasin ang tunog ng bawat katinig?

Mga salitang nagsisimula sa katinig na mula sa tula:

kasama

matalino

siya

lipad

lahat

habang

paborito

nariyan

tuwing



Paglalatap ng Karunungan

Paano kapag pinagsama ang patinig at katinig?

Pantig naman ang tawag sa kombinasyon ng isang patinig at isa o dalawang katinig.

Halimbawa:

ka-sa-ma



Ang bawat bagsak ng tunog ay **pantig**.

Kaya ito ay binubuo ng tatlong (3) pantig.

Ang **pantig** ay maaari ding isang patinig lamang.

Halimbawa:

a-so



Patinig na isang pantig.

Subukan niyo din pantigin ang bawat salita:



a-so



ung-goy



i-bon

- Ilang pantig mayroon ang bawat salita?
- Magbigay ng iba pang hayop at bilangin ang pantig nito.

Pagsasanay

Panuto: Punan ang patlang ng tamang patinig upang mabuo ang salita.



1. ___klat




2. ___kis



3. ___bon



4. ___rasan



5. ___puan



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Pantigin ang mga salitang nasa **Hanay A**.
Isulat ang iyong sagot sa **Hanay B**.

Hanay A (SALITA)

Hanay B (PANTIG)

Halimbawa: kasama

ka-sa-ma

1. isda

____-____

2. malawak

____-____-____

3. anak


____-____

4. bata

____-____

5. bulaklak

____-____-____



Pagsasalansan

Sa araling ito, natutuhan nating:

- Ang pagdaragdag at pagpalit ng una, gitna, at huling tunog ay makabubuo tayo ng bagong salita;
- Gayundin napapantig ang bawat salita at nakilala ninyo at
- Nabibigkas ang bawat titik (patinig at katinig).

ARALIN 3

Batang Matapat



Sa araling ito, matututuhan at mabibigkas ang iba't ibang karaniwang salita sa Filipino. Gagamitin natin ang ating kakayahang kilalanin at ipahayag ang ating mga damdamin gamit ang iba't ibang reaksiyon ng mukha.



Layunin


- ◇ Nailalarawan ang sarili at ibang katangian.
- ◇ Nalalaman ang pangunahing *sight words* na karaniwan ginagamit sa pang-araw-araw na komunikasyon at pagbabasa.
- ◇ Naipahahayag ang kanilang kasalukuyang emosyon sa pamamagitan ng pagguhit.
- ◇ Natutukoy at naipahahayag ang emosyon ukol sa binasang sitwasyon gamit ang pagkulay.



Paghihibla ng mga Salita

tapat (ta-pat) – pagiging totoo.

sikap (si-kap) – paggawa ng makakaya sa lahat ng bagay.




Paghahabi ng Kaalaman

Batang Matapat

Ang batang matapat
Kinagigiliwan ng lahat
Ikaw ay magsikap
upang saya ay malasap.
makamtam ang tuwa.



kahit ika'y bata,
pangaral ay dala
mula sa iyong ama't ina
katapatan ay pairalin
para ikaw ay mahalin.



Pagtatagpi ng Talino

- Ano ang ipinaparating ng tula tungkol sa kahalagahan ng pagiging tapat?
- Bakit kinagigiliwan ng lahat ang batang matapat?
- Anong isang katangian mayroon ka?





Paglilinaw sa mga Kaalaman

Ang karaniwang salita ay tumutukoy sa mga salitang madalas ginagamit o karaniwan sa araw-araw na pakikipag-usap at pagsusulat.

Halimbawa ng mga karaniwang salita.

ako	kami	ng	nga
rin	siya	ang	nang
niya	din	ikaw	mga
niyo	kaniya	iyang	si
sa	may	sina	lang



Pagpapalalim

Magbasa tayo ng isang tula na may karaniwang salita.

Ako ay may pamilya, mahal ko sila,
Nanay, Tatay, kapatid, sa puso ko'y kakaiba.
Tahanan namin, puno **ng** tawa,
Magkahawak-kamay, **sa** hirap at ginhawa



Paglalapad ng Karunungan

Tingnan ang mga larawan. Bigkasin ang iba't ibang emosyon na ating nararamdaman.



masaya



malungkot



galit



takot




gulat

Araw-araw, may nararamdaman ka. Minsan masaya, minsan malungkot. Gamit ang mga larawan, ipakita kung ano ang iyong nararamdaman.

Pagsasanay

Panuto: Gumuhit ng emosyon na nais mong ipakita ngayon. Ibahagi sa iyong kapares kung bakit ito ang iyong iginuhit. Basahin ang sitwasyon.






Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Kulayan ng dilaw ang kahon kung ano ang nararamdaman mo.

SITWASYON	EMOSYON	
Binigyan ka ng paborito mong pagkain.	masaya	malungkot
Biglang may bumusina nang malakas.	gulat	masaya
Nadapa ang kapatid mo.	malungkot	gulat
Nakakuha ka ng mataas na marka.	masaya	takot
Nawala ang paborito mong laruan.	galit	malungkot



Pagsasalansan

Sa araling ito, ating natutuhan at nabigkas ang mga salitang madalas makita at mabasa. Nalaman mo rin ang iba't ibang emosyon na ating nararamdam.

ARALIN 4

Ang Aking Pamilya



Sa aralin na ito, matutukoy ninyo ang iba't ibang mensahe na nais ipabatid ng mga babala o paalala. Mauunawaan ng mga bata ang kahalagahan ng tamang paggalaw ng mata habang nagbabasa. Gayundin, iyong matutuklasan ang kahalagahan ng tono at intonasyon.



Layunin


- ◇ Natutukoy ang mga tono at intonasyon.
- ◇ Nagagamit ang kasanayan sa pagbasa: kaliwa patungo sa kanan, itaas patungo sa ibaba, bumalik sa simula.
- ◇ Nakapagsasabi ng mensahe na nais ipabatid ng mga babala o paalala.



Paghihibla ng mga Salita

babala (ba-ba-la) – nagsasabi na kailangan mag-ingat.

paalala (pa-a-la-la) – nagsasabi sa iyo ng mahahalagang bagay na hindi mo dapat kalimutan.




Paghahabi ng Kaalaman

Ang Aking Pamilya

Linggo nang umaga. Walang pasok, sama-samang nagpunta ang pamilya ni Ressa sa simbahan. Habang sila ay naglalakad patungo sa simbahan, nakita nila ang iba't ibang babala at paalala na nakapaskil. Isa na rito ang *"Itapon ang basura sa tamang tapunan"*.



Patuloy ang paglalakad ng pamilya ni Ressa. Nang makadaan sila sa palaruan may nakita ulit silang babala *"Mag-ingat: madulas ang sahig"*. Nang makarating na sila sa simbahan at bago pumasok sa loob ang pamilya may nakita silang paalala na *"Panatilihin ang katahimikan"*. Kaya naman, sabay-sabay na pumasok sa simbahan nang tahimik ang pamilya ni Ressa.



Pagtatagpi ng Talino

- Nakapasyal ka na ba sa parke kasama ang iyong mga magulang o kaibigan?
- Nakakita ka na ba ng mga karatula sa paligid na may nakasulat na tulad ng nasa ibaba?



Paglililaw sa mga Kaalaman

Itapon ang Basura sa
tamang tapunan




Mag-ingat: madulas ang
sahig



Panatilihin ang katahimikan



Mag-ingat!
Huwag sandalan ang
salamín!



Ang tawag sa mga ito ay **paalala**. Madalas nakikita ang mga paalala sa lugar na maraming tao gaya ng pasyalan, simbahan, palengke, at paaralan.


Alam niyo ba na may espesyal na paraan ang ating mga mata sa paggalaw kapag tayo ay nagbabasa? Muli nating basahin ang “Aking Pamilya” sundin natin

ang nasa ibaba sa pagbabasa.

Kaliwa Patungo sa Kanan (*Left to Right Movement*)

Itaas Patungo sa Ibaba (*Top to Bottom Movement*)

Bumalik sa Simula (*Return Sweep*)




Pagpapalalim

Linggo ng umaga. Walang pasok at araw ng pagsamba. Sama-samang nagpunta ang pamilya ni Ressa sa simbahan. Habang sila ay naglalakad patungo sa simbahan, nakita nila ang iba't ibang babala at paalala na nakapaskil. Isa na rito ang *"Itapon ang basura sa tamang tapunan"*.

Sundan ang aking sasabihin

Basahin ninyo ang isang talata mula kaliwa patungo sa kanan at mula itaas patungo sa ibaba.



Paglalapad ng Karunungan

Ang Tono at Intonasyon

Malaki ang gampanin ng tono at intonasyon kapag tayo ay nakikipag-usap sa ating kapwa. Ang tono at intonasyon ay ang pagbaba at pagtaas, pagbibigay-diin sa ating sinasabi. Narito ang iba pang halimbawa para iyong mas maunawaan:

- *Wow! Mahusay kayo Ana!* Masaya ako na kayo ang nanalo kanina sa laro.

Sa halimbawang ito ay pinapakita na pataas ang tono at intonasyon sa unang bahagi o sa nakasalungguhit. Nagpapakita ito na ang nagsasalita ay namamangha at masaya sa nangyari.

- Alam mo, kanina ay naglaro kami sa klase at kami ang nanalo.

Sa halimbawang ito ay pinakita na katamtaman ang tono at intonasyon na nagpapakita ng pagsasabi o pagkukuwento sa kausap.

Pagsasanay

Panuto: Ang mga sumusunod ay ilan sa mga babala at paalala na makikita natin sa paligid.


Banggitin kung ano ang ipinapakita sa larawan.





Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Kasama ang iyong kapareha, ikuwento ang dalawang karanasan na nangyari sa iyo ngayong araw. Tandaang gamitin ang tono at intonasyon sa pagkukuwento.




Pagsasalansan

Sa araling ito, natutuhan mo ang iba't ibang babala at paalala. Nagagamit din ang kasanayan sa pagbabasa at natutuhan mo rin ang iba't ibang pahayag, tono, at intonasyon na ginagamit sa pag-unawa at pakikipag-ugnayan sa kapwa.

ARALIN 5

Araw-araw na pagmamahal ni Inay



Sa araling ito, inaasahan na maunawaan ang teksto na babasahin. Maipapakita sa araling ito ang mga pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.



Layunin

- ◇ Nakikilala ang mga tauhan sa kuwento.
- ◇ Naibabahagi ang sariling karanasan sa klase.
- ◇ Nakakapagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.



Paghihibla ng mga Salita

hatid (ha-tid) – pagsama sa isang tao sa isang lugar.

luto (lu-to) – paggawa ng pagkain.




Paghahabi ng Kaalaman

Araw-araw na pagmamahal ni Inay

Araw-araw gumigising nang maaga si May upang maghanda sa pagpasok ng kaniyang anak na sina Anna, ang panganay na anak, at si Hulyo, ang bunsong

anak. Magluluto si May ng kanilang baon at almusal. Pagkatapos nito ay agad naman gigisingin ang dalawang anak upang maligo at magbihis.

Si Roberto naman ang maghahatid sa kanilang anak papuntang paaralan. Pagkaalis ng mag-aama ay agad namang lilinisin at huhugasan ni Anna ang mga pinagkainan.



Pagtatagpi ng Talino

- Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
- Ano ang ginagawa ng bawat tauhan?
- Ano-ano ang kanilang pagkakapareho at pagkakaiba?



Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari ay ang pag-aayos ng mga pangyayari o detalye sa isang kuwento ayon sa umpisa hanggang matapos. Maaari itong ipahayag sa una, ikalawa, ikatlo, at hanggang sa mga susunod pa, o kaya naman sa simula, gitna, at wakas.

Simula ang pinaka unang bahagi ng kuwento.

Gitna ang mga nangyari sa kuwento.


Wakas ang huling pangyayari sa kuwento.

Mga Pangyayari sa Kuwento

Unang Pangyayari




Ikalawang Pangyayari



Ikatlong Pangyayari










Pagpapalalim

Pagsunod-sunurin ang mga larawan sa bawat bilang.




1.



2.




3.





Paglalapad ng Karunungan

Habang tayo ay nagbabasa madalas ay nakakakita rin tayo ng simbolo. Ang mga simbolo na nakikita natin sa iba't ibang babasahin ay may kahulugan tulad na lamang ng ilang halimbawa na makikita sa ibaba.



1. **Check o Like icon** – nangangahulugang pagsang-ayon o tama.



2. **Message icon** – nagsasaad naman ito ng paksa o mahalagang ideya.



3. **Search icon** – ibig sabihin nito ay paghahanap ng isang bagay.



4. **Internet icon** – nagpapakita naman ito ng paggamit o pakikipag-ugnayan sa internet.



5. **Camera icon** – ito naman ay nagpapakita ng larawan.

Pagsasanay

Panuto: Gumuhit ng iyong sariling simbolo na maiuugnay sa paksang binasa.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Maghanap ng kapares sa klase. Banggitin ang nilalarawan ng bawat larawan. Maaari itong iugnay sa gawain na inyong ginagawa bago pumasok sa paaralan.

1.



2.




3.




4.



5.





Pagsasalansan

Sa araling ito natutuhan ninyong magsunod-sunod ng mga pangyayari at maipahayag ang nasa larawan. Iyo ring nalaman ang iba't ibang simbolo na makikita sa isang babasahin.

ARALIN 6

Si Kuneho at Pagong



Sa araling tatalakayin ngayon ay inaasahan na maunawaan mo ang teksto na babasahin. Gayundin, matutukoy kung anong uri ng panitikan ang binasang kuwento.



Layunin

- ◇ Nauunawaan ang binasang kuwento.
- ◇ Nakapagbahagi ng kaugnay na karanasan.
- ◇ Natutukoy ang aral sa akdang binasa.



Paghihibla ng mga Salita

nagyaya (nag-ya-ya) – nag-alok o nang-imbita

matanaw (ma-ta-naw) – makita o makakita



Paghahabi ng Kaalaman


Si Kuneho at Pagong

Isang araw nagkita si Kuneho at Pagong. Pinagtawanan ni Kuneho ang mga maliliit na paa ni pagong na sabi nga ito ang dahilan kung bakit siya mabagal maglakad.

Gustong patunayan ni pagong na mali si kuneho. Nagyaya si Pagong sa isang pagligsahan kung saan sila ay magpapaunahan umakyat sa ikatlong bundok. Pumayag naman si Kuneho at dumating ang araw ng paligsahan. Nagsimula ang laban at talagang napakabilis ni Kuneho hindi na siya matanaw. Nang makaayat si Kuneho sa ikalawang bundok



“Magpapahinga muna ako mukhang matatagalan pa si Pagong,” wika niya. Nakatulog nang mahimbing si Kuneho at hindi na niya namalayan na nakalagpas na si Pagong. Sa huli si Pagong ang nanalo sa kanilang paligsahan.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na mga tanong tungkol sa binasang pabula. Banggitin sa iyong guro ang sagot.

1. Bakit nauna si Pagong?
2. Ano ang aral na napulot ninyo sa binasang kuwento?
3. Kung ikaw si Kuneho, ano ang gagawin mo?
4. Kung ikaw ang nauuna, ano ang iyong mararamdaman? Kung ikaw ang nahuhuli, ano naman ang iyong nararamdaman?




Paglilinaw sa mga Kaalaman

Paano mo nga ba malalaman kung ang iyong binasang kuwento ay pabula? Matutukoy natin ito kung ang mga tauhan ay mga hayop.

Tulad sa binasa nating teksto.

Halimbawa:

1. Pinagtawanan ni Kuneho ang mga maliliit na paa ni pagong.
2. Gustong patunayan ni pagong na mali si kuneho.
3. Nagyaya si Pagong sa isang paligsahan kung saan sila ay magpapaunahan umakyat sa ikatlong bundok.
4. Pumayag naman si Kuneho at dumating ang araw ng paligsahan.
5. Sa madaling sabi, ang mga nag-uusap at ang mga pangunahing tauhan ay mga hayop.



Pagpapalalim

Panuto: Bilugan ang mga salitang maaaring maging tauhan sa pabula.

kambing	aso
mag-aaral	nars
pangulo	isda
doktor	guro
ibon	pusa



Paglalapad ng Karunungan

Bantas na Tandang Padamdang

Ginagamit ang tandang padamdang sa dulo ng kataga, parirala, o pangungusap na nagsasaad ng masidhing damdamin o emosyon gaya ng masaya, nasasabik, natatakot, nagugulat, at nagagalit.

Halimbawa:

1. Oo nga!
2. Naku!
3. Hindi maari!

Pagsasanay


Panuto: Hanapin at bilugan ang mga salitang may masidhing emosyon.

g	u	l	a	t	t
a	d	f	g	h	a
z	s	a	b	i	k
x	a	c	v	n	o
e	y	w	q	m	t
g	a	l	a	k	r



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Gumawa ng iyong sariling hayop na tauhan. Bigyan ito ng pangalan. Iguhit siya sa kahon at kulayan. Banggitin din sa klase ang katangian at kung bibigyan siya ng pagkakataong magsalita, ano ang kaniyang sasabihin?



Pagsasalansan

Sa araling ito nalaman ninyong ang binasang kuwento ay isang uri ng pabula na kung saan ang mga tauhan ay hayop. Nakilala mo rin ang gamit ng bantas na tandang padamdang.

KABANATA 2

Paaralan

Sa kabanatang ito, magkukuwentuhan tayo at magsasanay sa pagbigkas ng mga tunog ng titik. Magsasanay rin tayo sa pag-unawa ng mga tekstong babasahin patungkol sa personal na karanasan hinggil sa paaralan. Ipapakita rin natin ang ating husay sa iba't ibang gawain habang masayang natututo.

ARALIN 7

Masaya sa Aming Paaralan



Sa araling ito malalaman mo ang iba't ibang lugar na makikita sa iyong paaralan.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang mga kagamitan na makikita sa loob ng paaralan.
- ◇ Nauunawaan ang binasang tula.
- ◇ Nababanggit ang iba't ibang bahagi na makikita sa loob ng paaralan.



Paghihibla ng mga Salita

tahanan (ta-ha-nan) – lugar kung saan ka nakatira.

silid-aralan (si-lid a-ra-lan) – isang kwarto o silid sa paaralan.



Paghahabi ng Kaalaman

Masaya sa Aming Paaralan

Ang aming paaralan

Ay pangalawa naming tahanan

Kaya masaya kami kapag nasa paaralan


Pagkat marami akong natututuhan

Sa mga lugar sa paaralan na aming napapasyalan

Tulad ng kantina, palaruan, at silid-aralan

Mga tao doon ay aming nagiging kaibigan

Kaya masaya kami sa aming paaralan



Pagtatagpi ng Talino


Panuto: Unawain ang mga tanong at banggitin sa iyong guro ang sagot.

1. Ano ang pamagat ng tula?
2. Tungkol saan ang tula?
3. Ano-anong lugar sa paaralan ang nabanggit sa tula?
4. Bakit masaya sa paaralan?




Paglililaw sa mga Kaalaman

Ang mga iba't ibang kagamitan sa paaralan.



lamesa



upuan



watawat



pisara



libro




papel



yeso











lapis



Pagpapalalim

Panuto: Kulayan ang mga gamit na makikita sa paaralan.




Paglalapad ng Karunungan

Halina't pag-aralan natin ang mga iba-ibang gamit sa paaralan.





Ang **pisara** ay gamit ng mga guro bilang sulatan ng mga aralin.

	Ang mga libro ay ginagamit ng mga guro at mag-aaral bilang gabay sa pag-aaral.
	Ang lapis ay ginagamit ng mga mag-aaral bilang panulat sa kanilang aralin.
	Ang lamesa at upuan ay mahalagang kagamitan para sa mga mag-aaral upang maging komportable sila sa kanilang pag-aaral.
	Ang kompyuter ay ginagamit ng mga guro at mag-aaral sa pag-aaral.

Pagsasanay



Panuto: Banggitin ang pangalan ng larawan.





Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Gumuhit sa loob ng bahay ng limang (5) bagay na nakikita sa iyong paaralan.




Pagsasalansan

Sa aralin na ito, iyong nalaman ang iba't ibang kagamitan na makikita sa loob ng paaralan.

ARALIN 8

Ang Aming Paaralan



Sa araling ito, babasa tayo ng mga salitang tumutukoy sa tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari. May tatalakayin din tayong kuwento at mga gawain upang makapagsanay sa pagbabasa.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari.
- ◇ Nakakapagbigay ng halimbawa ng ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari na makikita sa paaralan.
- ◇ Nakababahagi ng ideya sa mga kaibigan, guro, at iba pang nakatatanda.



Paghihibla ng mga Salita

Palaruan (pa-la-ru-an) – lugar kung saan naglalaro ang mga bata.

Kantina (kan-ti-na) – bilihan o kainan sa loob ng paaralan.




Paghahabi ng Kaalaman

Pakinggan at unawain ang babasahin ng iyong guro.

Ang Aming Paaralan

Pumapasok kami sa paaralan. Dala na namin ang lapis, papel, at pangkulay. Handa na kaming matuto. Silid-aralan, silid-aklatan, palaruan, kantina, klinika lugar sa aming paaralan. Ang aming mga guro ay masipag na nagtuturo. Nariyan din ang aming punong-guro na si Ginoong Santos laging nakasubaybay sa kaayusan ng paaralan. Kasama ang aking mga kaibigan, kami ay nagtutulungan sa mga gawain. Sa ilalim ng puno na maraming ibong umaawit, kami ay masayang nagkukuwentuhan. Pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay aming inaabangan, pagsuot ng makasaysayang damit dala ay kasiyahan. Masaya ako sa aming paaralan dahil dito kami lalong natututo.



Pagtatagpi ng Talino

- Banggitin ang ngalan ng tao, bagay, lugar, hayop at pangyayari na inyong natatandaan mula sa napakinggang na kuwento.

- Maliban sa mga nabanggit, ano pa ang ibang halimbawa ng ngalan ng tao? Bagay? Lugar? Hayop? At pangyayari?




Paglililinaw sa mga Kaalaman

Paghingi ng Tulong at Pakikipag-usap sa Kapwa

Bumati muna bago humingi ng tulong.

- Magandang umaga!
Saan po kaya ang silid ni Bb. Rombano?
- Maaaring gumamit ng “po” at “opo”
Pwede niyo po kaya akong samahan?
Matutulungan ka ng iyong kapwa at matutulungan mo rin sila.

1. Dapat na tayo ay magalang kapag nakikipag-usap.
2. Ang pagsasabi ng “po” at “opo” ay nagpapakita rin ng respeto sa kausap.
3. Maaaring humingi ng tulong kapag nahihirapan.



Pagpapalalim

Panuto: Pakinggan ang mga pahayag na bibigkasin ng guro. Sabihin kung ito ay tama o mali.

1. Magkakaroon ng isang magandang relasyon kapag tayo ay nakikipag-usap nang magalang.
2. Ang pagbati tulad ng “Magandang araw po” ay halimbawa ng paggalang.
3. Hindi maganda ang paghingi ng tulong.
4. Dapat na gumamit tayo ng “po” at “opo” kung nakatatanda ang kausap.
5. Kapag may nakita tayong nahihirapan, dapat natin silang tulungan.



Paglalatap ng Karunungan

Ang ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari ay tinatawag na **pangngalan**.



Basahin ang mga halimbawa:

tao	guro, punong-guro, Ginoong Santos, kaibigan
bagay	bag, lapis, papel, pangkulay
hayop	ibon


lugar	paaralan, silid-aralan, silid-aklatan, klinika, kantina
pangyayari	Buwan ng Wika

Pagsasanay

Panuto: Sabihin kung tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari ang babanggitin na salita ng iyong guro.

1. 	2. 	3. 
4. 	5. 	6. 
7. 	8. 	9. 

10.




Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Ikaw at ang iyong mga kaklase ay mag-uusap tungkol sa paksa na ibibigay ng iyong guro.

Pangkat 1: Malungkot na karanasan

Pangkat 2: Pagtulong sa kapwa

Pangkat 3: Paghingi ng tulong



Pagsasalansan

Iyong natutuhan ang iba't ibang pahayag sa pakikipag-usap at paghingi ng tulong.

ARALIN 9

Pagkilala ng mga Simbolo o Babala sa Paligid

Sa araling ito, makikilala mo ang mga simbolo o babala na nagsisilbing paalala at gabay sa atin upang tayo'y maging ligtas at mapanatili ang kaayusan sa ating paligid.



Layunin


- ◇ Natutukoy at nauunawaan ang mga babala o simbolo na madalas makita sa paligid.
- ◇ Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan.
- ◇ Nakapaglalarawan ng isang ideya o pangyayari sa paaralan.



Paghihibla ng mga Salita

ligtas (lig-tas) – malayo o iwas sa kapahamakan at ano pang masamang pangyayari.

simbolo (sim-bo-lo) – nagpapahiwatig ng isang ideya, larawan, paniniwala, aksyon o kaya naman ng isang bagay.



Paghahabi ng Kaalaman

Pakinggan at unawain ang babasahin ng iyong guro.

Si Anna ay naglalakad pauwi mula sa kaniyang paaralan nang makita niya ang malaking simbolo na “Tumawid sa tamang daanan.” Naalala ni Anna ang itinuro ng kaniyang guro tungkol sa mga babala o simbolo sa kalsada kaya tumawid siya sa tawiran para maging ligtas.

Natutuhan ni Anna ang halaga ng pag-unawa sa mga babala sa kaniyang paligid. Ito ay nagbibigay paalala upang maging responsible tayo at makatulong sa kaayusan sa ating komunidad.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at banggitin sa iyong guro ang sagot.

- Ano ang nakita ni Anna na malaking simbolo?
- Ano ang natutuhan ni Anna sa itinuro ng kaniyang guro tungkol sa mga babala?
- Masasabi mo bang isa kang responsableng mamamayan ng ating komunidad?



Paglililaw sa mga Kaalaman

Ang mga **babala** ay itinuturing paalala na ginagamit upang magbigay ng impormasyon sa isang komunidad. Nagsisilbi rin itong gabay na dapat nating gawin at hindi dapat gawin upang makaiwas sa aksidente.

Ang babala ay simbolo at ginagamitan din ng mga salita para maunawaan.

Halimbawa ng mga simbolo o babala sa ating paligid.



bawal pumitas ng
bulaklak



bawal tumawid



ilaw trapiko



huminto/tigil



basa ang sahig



itapon ang basura sa
tamang tapunan



bawal tumambay
dito




palikuran



tumawid sa tamang
tawiran

Ilan lamang ito sa mga babalang nakikita natin sa ating paligid na nagsisilbing gabay sa ating lahat. Sa susunod na may makitang babala, tumigil muna at basahing mabuti ang nais nitong sabihin.



Pagpapalalim

Panuto: Tukuyin ang kahulugan ng bawat babala na ibibigay ng iyong guro. Sabihin ang tamang sagot.





Paglalapad ng Karunungan

Sanhi at Bunga

Ang sanhi at bunga ay mga konseptong ginagamit sa pangungusap upang maipakita ang kaugnayan ng dalawang bahagi ng isang pangungusap.

Ang **sanhi** ay ang **dahilan** kung bakit nangyari ang pangyayari sa pangungusap, samantalang ang **bunga** naman ay ang **epekto** o **resulta** ng pangyayari.

Ang sanhi at bunga ay tinatawag na Cause and Effect sa wikang ingles.

Halimbawa:

sanhi
↑
Siya ay nag-aral nang mabuti para sa pagsusulit kaya
siya ay nakapasa.
↓
bunga

Pagsasanay

Panuto: Banggitin ang sagot sa inyong guro.

1. Babala ng “Bawal Tumawid”

Bakit may “Bawal Tumawid” na babala sa kalsada?

2. Simbolo ng “Madulas Kapag Basa”

Ano ang maaaring mangyari kapag naglakad ka sa sahig na may simbolong “Madulas Kapag Basa”?




Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Magsasagawa ng gawaing “Paint Me a Picture” ang klase. Ipakita ang babanggitin ng inyong guro.

Pangkat 1: Ang mga bata ay naglalaro sa ulan

Pangkat 2: Naglilinis ang mga residente sa kanilang lugar

Pangkat 3: Nagdiwang ng pasko ang pamilya



Pagsasalansan

Iyong natutuhan ang iba’t ibang simbolo na makikita sa paligid gayundin naipamamalas mo ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan.

ARALIN 10

Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan



Sa araling ito, malalaman mo ang paghahanda sa pagpasok sa paaralan sa pamamagitan ng pagbasa ng kuwento.



Layunin


- ◇ Natutukoy ang mga salitang may kaugnayan sa paaralan.
- ◇ Nakalalahok sa pangkatang gawain tulad ng pagkanta.
- ◇ Nakapagbabahagi ng iyong katangian batay sa binasang akda.



Paghihibla ng mga Salita

maagap (ma-a-gap) – laging handa; alisto

nagmano (nag-ma-no) – pag-abot ng kamay bilang pag-respeto



Paghahabi ng Kaalaman

Pakinggan at unawain ang babasahin ng iyong guro.

Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan

Ngayon ang unang araw ng pasok sa Mababang Paaralan ng Marikina kaya naman maagang gumising ang mag-anak na San Pedro.

“Mga anak, nakahanda na ba ang inyong mga gamit?” wika ni Aling Sita.



“Opo, Inay. Kahapon ko pa po inayos ang mga gamit ko sa pagpasok,” sagot ni Nida.

“Gustong-gusto na talagang pumasok niyang si Nida. Ako po ay handa na rin,” sabat ni Ato.

“Mabuti naman. Lunes ngayon kaya naman dapat kayong maging maaga. Ang isang mag-aaral ay laging maagap,” sabi ni Aling Sita.

“Opo, Inay. Mag-aaral po kaming mabuti para sa inyo ni Itay. Hindi ba Nida?” sabi ni Ato. “Oo nga po, Inay. Mag-aaral po kaming mabuti para po makakuha rin ako ng medalya katulad ni Kuya Ato,” sagot ni Nida.

“O siya. Sandali lang. Nagsipilyo na ba kayo ng ngipin?”

Ang isang bata ay kailangang malinis sa pagpasok sa paaralan,” wika ni Aling Sita.

“Opo, Inay. Halika na Nida at ihahatid na tayo ni Itay,” wika ni Ato.

“Opo Inay. Mag-iingat po kami,” sabay na sabi ni Nita at Ato sabay yakap at mano sa kanilang Ina.

“Sasama po ako Inay,” sabad ni Diana, ang maliit na kapatid ni Nida at Ato.

“Hindi ka puwedeng pumasok Diana. Tatlong taong gulang ka pa lamang. Kapag ikaw ay malaki na katulad ng iyong Kuya at Ate, mag-aaral ka na rin kasama nila,” sagot ni Aling Sita.


“O siya. Halina kayo!” yaya ni Mang Tomas.

“Sige po Itay,” sagot ni Ato. Pagdating sa paaralan bumaba na sina Ato at Nita at sabay silang nagpaalam at nagmano sa kanilang amang si Mang Tomas.

“Pasok na po kami, Itay. Mano po,” sabay na sabi ni Ato at Nita.

“Sige mga anak, mag-iingat kayo at mag-aral nang mabuti,” pagpapaalala ni Mang Tomas.

“Opo, Itay,” sagot ng magkapatid na sina Ato at Nita.



Pagtatagpi ng Talino

- Saan pupunta ang magkapatid na sina Ato at Nita?
- Ano ang ginagawa nila bago ang araw ng kanilang pagpasok?
- Sino ang naghahatid kina Ato at Nita?
- Maihahalintulad mo ba ang sarili mo sa mga katangian nina Ato at Nita? Bakit?




Paglilinaw sa mga Kaalaman

Ang edukasyon ang pinakamahalagang pamana sa atin ng ating mga magulang. Ito ang isang dahilan upang magkaroon tayo ng isang magandang buhay.

Kaya naman, huwag itong pabayaan. Pahalagahan mo ito. Nakalista sa ibaba ang mahalagang detalye na nabanggit

- Edukasyon bilang pamana
- Edukasyon para sa magandang buhay
- Pagpapahalaga sa edukasyon

Ilarawan naman kung paano ito naging mahalaga sa inyo.



Pagpapalalim

Panuto: Balikan ang binasang teksto. Isa-isahin ang mga mahahalagang detalye katulad ng taong gumanap sa kuwento, lugar kung saan ito nangyari, at ano ang mga mahahalagang pangyayari. Banggitin mo ito sa klase.



Paglalatapat ng Karunungan

Pangungusap na Patanong

Ang pangungusap na patanong ay uri ng pangungusap na ginagamit sa pagtatanong. Ang pangungusap na ito ay nagtatapos sa bantas na tandang pananong.

Halimbawa:

1. Ano iyang ginagawa mo?
2. Nailagay mo na ba sa bag ang baon mo?
3. Handa ka na bang umalis?

Pagsasanay

Panuto: Kasama ang iyong kagrupo, kantahin ang awit na ibibigay ng guro.

Pangkat 1: Bahay Kubo


Pangkat 2: Tatlong Bibe

Pangkat 3: Leron-Leron Sinta



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Maghanap ng kapares. Magbahaginan tungkol sa iyong ginagawa bago pumasok o mga paghahanda bago pumasok sa paaralan. Gawin itong patanong sa kapares.



Pagsasalansan

Sa araling ito, naunawaan mo ang kuwentong paghahanda sa pagpasok sa paaralan at naiisa-isa rin ang mahahalagang detalye sa binasang akda.

ARALIN 11

Ang Aking Kaibigan



Sa araling tatalakayin ngayon ay inaasahan na matukoy at mabahagi mo ang impormasyon na iyong nakuha mula sa paksa.



Layunin


- ◇ Nabibigyang katangian ang malapit na kaibigan.
- ◇ Nabibigkas ang iba't ibang katangian ng isang malapit na kaibigan.
- ◇ Natutukoy ang katangian na mayroon ang iyong kaibigan.



Paghihibla ng mga Salita

maaasahan (ma-a-a-sa-han) – kakayahang gumawâ nang mahusay.

nagtutulungan (nag-tu-tu-lu-ngan) – nagkakaisa sa lahat nang gawaing makabubuti sa lahat.





Paghahabi ng Kaalaman

Makinig sa tulang babasahin ng iyong guro.

Ang Aking Kaibigan

Ang aking kaibigan ay tunay na maasahan
Sapagkat sila ay matibay na sandigan
Sa lahat ng oras ikaw ay sasamahan
At lagi kaming nagtutulungan


Kaya ang pagpili ko sa kanila ay hindi ko pinagsisihan
Dahil lagi kaming nagmamahalan
Sapagkat sila ang tunay kong kaibigan
Kaya hindi ko sila iiwan o pababayaan



Pagtatagpi ng Talino



Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

- Ano ang pamagat ng tula?
- Tungkol saan ang tula?
- Ano-anong katangian ng isang kaibigan ang nabanggit sa tula?
- Ilan ang iyong kaibigan?
- Ano-ano ang mga katangian ng kaibigan mo?



Paglililaw sa mga Kaalaman

Basahin ang iba't ibang katangian ng isang malapit na kaibigan na nasa loob ng puso.



Pagpapalalim

Panuto: Ikaw ay hahanap ng kapareha na makatutulong para sa gawain. Sabihin sa iyong kapares ang mga katangian na iyong nagustuhan sa kaniya.

Halimbawa: Ikaw ay napakasipag.



Paglalapad ng Karunungan

Tingnan ang mga larawan. Pakinggan ang iba't ibang pahayag na babasahin ng iyong guro. Bigkasin ito pagkatapos ng guro.

Mama, ako na po ang maghahalo ng sangkap.



Sige anak, salamat.

Ang bata ay matulungin sa kaniyang nanay.

Magandang umaga po, Binibining Ana!



Kumusta, Juan?

Si Juan ay magalang sa kaniyang guro.



Si Otep ay mapagbigay sa kaniyang kaibigan na si Josh.

Pang-uri

Mula sa binasa mo, halimbawa ito ng mga salitang naglalarawan. Ito ay ang tinatawag na pang-uri. Ang pang-uri o (*adjective*) sa ingles ay isang bahagi ng pananalita na nagbibigay kahulugan o turing sa ngalan ng bagay, tao, lugar, pangyayari, at marami pang iba.

Ang pang-uri ay kadalasan ginagamit para bigyan linaw ang isang uri ng pangngalan (*noun*) o panghalip (*pronoun*).

Ang pang-uring panlarawan ay nagsasaad ng laki, hugis, kulay ng tao, bagay, hayop at iba pang pangalan. Sa pang-uring ito, maaaring gamitin ang anyo, amoy, tunog, yari at lasa sa paglalarawan.

Ang mga pang-uring panlarawan ay karaniwang nagsasaad ng katangian na napupuna gamit ang ating limang pandama (*five senses*). Maaari ring ilarawan nang pang-uri na ito ang mga katangian ng ugali, asal, o pakiramdam ng tao o hayop.

Halimbawa:

Si **Johan** ay mapagbigay sa kaniyang kaibigan na si Kate.



Pangngalan



Pang-uri

Pagsasanay

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) kung ang salita ay katangian ng isang kaibigan at ekis (x) naman kung hindi.

- _____ 1. mabait
- _____ 2. madamot
- _____ 3. mapagmahal
- _____ 4. mabuti
- _____ 5. masama




Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Susubukin natin ang inyong mga karunungan sa pamamagitan ng pangkatang gawain. Ipapangkat kayo ng guro sa tatlong pangkat at magkukuwento sa pamamagitan ng isang dula tungkol sa sariling karanasan sa paaralan.

Pangkat 1: Unang araw sa paaralan.

Pangkat 2: Masasayang pangyayari sa paaralan.

Pangkat 3: Mga pagsubok na nararanasan sa loob ng paaralan.



Pagsasalansan

Sa araling ito nakapagbibigay rin tayo ng sariling opinyon tungkol sa napakinggang kuwento. Natutuhan din na ang pang-uri ang tawag sa salitang naglalarawan sa pangngalan.

ARALIN 12

Ang Masayang Pagdiriwang



Sa araling ito, magagamit ang inyong kakayahan na kilalanin ang iba't ibang pagdiriwang sa loob ng paaralan. Sa pamamagitan ng pangkatang gawain na pagtatapat-tapat ang mga inilalarawan na mga bagay, makakapili ng pagdiriwang na nais at makababahagi kung bakit ito ang inyong napili.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang mga pagdiriwang na nagaganap sa loob ng paaralan.
- ◇ Naiisa-isa ang nilalaman ng kuwentong binasa.



Paghihibla ng mga Salita

paligsahan (pa-lig-sa-han) – tagisan, tunggalian

nagwagi (nag-wa-gi) – nanalo sa paligsahan




Paghahabi ng Kaalaman

Makinig sa tulang babasahin ng inyong guro.

Mga Pagdiriwang sa Paaralan

Mga pagdiriwang sa paaralan
Ay sadyang kay inam balikan
Pagkat naaalala natin ang magandang nakaraan
Sa mga iba't ibang paligsahan na ating sinalihan


Narito ang ilang mga pagdiriwang sa paaralan
Buwan ng Wika at Buwan ng Nutrisyon
Mga pagdiriwang na ating pinaghahandaan
Kaya bawat araw ay iyong paghahandaan
Ang mga pagdiriwang at paligsahan
Mula Lunes hanggang Biyernes ang pagsasanay ay
hindi mapigilan
Pagkat alam natin ang pagdiriwang ay maaari nang
simulan
Kaya huwag mag-atubili sumali sa pagdiriwang sa
paaralan



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Ano ang pamagat ng tula?
2. Ano-anong pagdiriwang ang nabanggit sa tula?
3. Saan ginaganap ang pagdiriwang?
4. Naranasan mo na ba ang mga pagdiriwang na ito?
5. Masaya bang sumali sa pagdiriwang?



Paglililinaw sa mga Kaalaman

Basahin ang mga pagdiriwang na nagaganap sa loob ng paaralan.




Buwan ng Wika



Kaarawan



Katatagan ng mga
nagkakaisang Bansa




Kaarawan



Araw ng mga puso



Araw ng Kagitingan



Pagpapalalim

Panuto: Kulayan ang mga pagdiriwang na nagaganap sa loob ng paaralan.

Buwan ng Wika

Buwan ng Nutrisyon

Araw ng mga Guro

Sabado

Lunes



Paglalatap ng Karunungan

Mahahalagang Pangyayari

Pagpaplano at Paghahanda para sa Pagdiriwang –

Ang unang mahalagang pangyayari ay ang panahon ng pagpaplano at paghahanda para sa mga nalalapit na pagdiriwang, tulad ng Buwan ng Wika at Buwan ng Nutrisyon. Ito ay isang panahon kung saan ang mga guro at mag-aaral ay naghahanda ng iba't ibang aktibidad at paligsahan na magaganap.


Pagsasanay para sa mga Paligsahan – Ang ikalawang pangyayari ay ang masigasig na pagsasanay ng mga mag-aaral mula Lunes hanggang Biyernes. Ito ay sumasalamín sa dedikasyon at pagtitiyaga ng mga mag-aaral na mahasa ang kanilang mga kasanayan at talento para sa nalalapit na pagdiriwang.

Simula ng Pagdiriwang –Ang ikatlo at huling pangyayari ay ang opisyal na pagsisimula ng mga pagdiriwang

sa paaralan. Ito ang punto kung saan ang lahat ng paghahanda at pagsasanay ay nagbubunga, at ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng pagkakataon na ipamalas ang kanilang natutunan at mga talento.

Pagsasanay


Panuto: Piliin sa **Hanay B** ang inilalarawan ng mga bagay sa **Hanay A**. Bigkasin kung anong salita ang nararapat para sa Hanay A.

Hanay A	Hanay B
1. 	• Bagong taon
2. 	• Pasko
3. 	• Pista
4. 	• Family day
5. 	• Kaarawan



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Bawat pangkat ay tutukuyin at ibabahagi sa klase ang mahahalagang pangyayari na naganap sa tulang binasa.



Pagsasalansan

Sa araling ito natutuhan mo ang pag-unawa sa nilalaman ng tula, nakapagbasa rin tayo ng ilang pagdiriwang na nagaganap sa loob ng paaralan, at nakapagbigay ng mahahalagang pangyayari.

KABANATA 3

Komunidad

Sa kabanatang ito, maipapakita ang patuloy na pag-unlad sa mga bokabularyo. Makapagpapahayag din ng ideya. Gayundin, makabubuo ng simpleng pangungusap at makaunawa ng mga teksto hinggil sa komunidad.

ARALIN 13

Mga Hinahangaan sa aming Komunidad



Sa araling ito, magagamit ang ating kakayahan na kilalanin at pahalagahan ang mga taong bahagi ng ating komunidad.



Layunin


- ◇ Nakikilala ang iba't ibang tao sa komunidad.
- ◇ Naipahahayag ang paggalang na tugon sa mga tao sa komunidad.
- ◇ Natutukoy ang mga salitang naglalarawan ng ngalan ng tao, hayop, bagay, lugar, at pangyayari.



Paghihibla ng mga Salita

tungkulin (tung-ku-lin) – inaasahang magagawa

maaasahan (ma-a-a-sa-han) – karapat-dapat sa pagtitiwala, kapani-paniwala



Paghahabi ng Kaalaman


Pakinggan at unawain ninyong mabuti ang kuwentong babasahin ng guro.

Mga Hinahangaan sa aming Pamayanan



May mga taong bida sa aming komunidad. Isa na ryan si Mang Nestor, ang matiyagang karpintero na gumagawa ng magaganda at maayos na bahay. Mayroon ding magiting na pulis na handang ipagtanggol ang mga tao. Ito ay walang iba kundi si Sarhento. Ang matulungin namang si Doktor Ernani ang nag-aasikaso sa mga taong may sakit sa hospital. Ikinararantal din namin si Aling Nene na taga walis ng kalsada dahil sa kanyang kasipagan. Ang beterinaryo ang gumagamot kapag may sakit ang maamo nating alagang hayop. Sa malawak na bukid naman nagtatanim ang mga magsasaka kaya nagkakaroon ng masaganang anihan. Tunay ngang hindi mapapantayan ang kanilang mga kasipagan sa pagtulong sa komunidad. Kaya dapat natin silang

pahalagahan at pasalamatan.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Sino-sino ang mga taong bida sa kanilang komunidad?
2. Bakit kaya sila tinatawag na bida?
3. Paano natin maipakikita ang pagpapahalaga sa ating mga “bida” sa komunidad?



Paglilinaw sa mga Kaalaman

Iba't ibang tao sa komunidad:



guro



pulis



doktor



dentista



panadero




bombero




Pagpapalalim

Panuto: Bilugan ang larawan ng tao sa komunidad na tinutukoy sa bawat bilang.


1. Doktor



2. Guro



3. Pulis



4. Bombero



5. Panadero



Paglalapad ng Karunungan

MGA SALITANG NAGLALARAWAN

Mayroong mga salitang ginagamit sa paglalarawan o pagbibigay ng tiyak na katangian ng tao, hayop, bagay, lugar, at pangyayari.

Halimbawa:

		Paglalarawan
Tao	karpintero doktor	matiyaga at matulungin
Hayop	aso at pusa	maamo
Bagay	bahay	maganda at maayos
Lugar	bukid	malawak
Pangyayari	anihan	masagana

Pagsasanay


Mga bata, sa gawain namang ito ay mayroon kayong makakatulong na kapareha. Mag-iisip kayo ng tatlong tao na tumutulong sa ating komunidad at ilalarawan ninyo sila. Pagkatapos ay ibabahagi ninyo ito sa harap ng klase.



Paglatag ng Kasanayan

Ipapangkat ng guro ang inyong klase. Babasahin ng guro ang bawat pangungusap. Magtutulong kayong magkakagrupo na tukuyin ang mga paglalarawang ginamit sa tao, hayop, bagay, lugar, at pangyayari.

1. Matapang ang bumbero na umapula sa paglaki ng sunog.
2. Ang mga pusa na nasa kalsada ay maliliit pa.
3. Ang guro ay mahusay magturo ng mga aralin.
4. Malaki ang paaralan na aming komunidad.
5. Ang bukid na kaniyang tinataniman ay malawak.



Pagsasalansan

Iyong nalaman sa araling ito ang iba't ibang tao na nakatutulong sa ating komunidad at ang mga salitang naglalarawan.

ARALIN 14

Mga Lugar sa Komunidad



Sa araling ito, magagamit ang ating kakayahan na kilalanin ang iba't ibang lugar sa komunidad.



Layunin

- ◇ Nakikilala ang iba't ibang lugar sa komunidad.
- ◇ Naipapahayag ang karanasan sa mga lugar sa komunidad.
- ◇ Nalaman ang iba't ibang pahayag sa pagpapaalam.



Paghihibla ng mga Salita

habulan (ha-bu-lan) – larong nagtatakbuhan

plasa (pla-sa) – lugar na maraming pumupunta para magpahinga o maglaro.



Paghahabi ng Kaalaman

Makinig sa kuwentong babasahin ng iyong guro.

Si Kokoy




Si Kokoy ay isang bata na mahilig maglaro. Minsan nagdadahilan na lang siya na masakit ang kaniyang tiyan o ang kaniyang ulo upang hindi makapasok sa paaralan at makapaglaro na lamang.

“Pepot at Taboboy, laro na lang tayo ng habulan sa plasa, tara!”pa-aaya ni Kokoy sa kaniyang mga kaibigan.

“Naku! Hindi puwede. May pasok tayo ngayon at kailangan nating mag-aral para sa pagsusulit,”tanggi ni Pepot. Minsan ay ginagawang dahilan ni Kokoy na masakit ang kaniyang ngipin ngunit nang dalhin siya ng kaniyang nanay sa dentista ay doon nila nalaman na nagsisinungaling si Kokoy at hindi totoo na masakit ang ngipin nito.

Pagpasok niya sa paaralan ay nagkaroon ng pagsusulit at siya ay bumagsak. Sinabi niya sa guro na nag-aral naman talaga siya at nagkasakit lamang kaya hindi nakapapasok.

“Kung nag-aaral ka ay bakit bagsak ka?” tanong ng guro. Inamin din ni Kokoy ang totoo at pinayuhan siya ng guro na mahalaga ang edukasyon sa pagtupad ng pangarap.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Ano ang idinadahilan ni Kokoy para lang makapaglaro? Tama ba ito?
2. May mabuti bang nadudulot ang pagsisinungaling?
3. Kung ikaw si Kokoy, anong gagawin mo para makapasa sa pagsusulit?



Paglilinaw sa mga Kaalaman

Detalye ng Kuwentong Sumasagot sa Tanong na Sino, Ano, at Saan

Ang pagkuha ng detalye sa kuwentong binasa ay nagpapakita ng iyong pag-unawa rito.

Sa tulong ng mga batayang katanungan, malalaman natin ang mga impormasyon ng binasang kuwento.

Halimbawa:

Sino ang tauhan sa kuwento?


Sagot: Si Kokoy

Saan naganap ang pangyayari?

Sagot: Paaralan


Ano ang nangyari kay Kokoy ng pagpasok niya sa paaralan?

Sagot: Siya ay bumagsak sa pagsusulit.



Pagpapalalim

- Mag-isip ng tanong gamit ang “ano”, “sino”, at “saan”.
- Humarap sa katabi at ipasagot ang iyong mga katanungan sa kaniya.



Paglalapad ng Karunungan

Tayo ay naninirahan sa isang komunidad. Mahalaga na alam natin ang iba’t ibang lugar dito. Pagmasdan at bigkasin ninyo ang iba’t ibang lugar sa ating komunidad.



paaralan



simbahan



ospital



palengke



palaruan



munisipyo

- Ano-ano ang mga lugar ang nasa larawan?
- Maaari mo bang ilarawan kung ano ang mga nasa larawan?

Pagsasanay

Panuto: Babasahin ng guro ang iba't ibang lugar sa komunidad. Pumalakpak ng isang beses kung ikaw ay nakapunta na sa lugar na ipapakita ng guro at thumbs down kung hindi pa.



paaralan



simbahan



ospital



palaruan



pamilihan




istasyon ng pulis



Paglatag ng Kasanayan

Babasahin ng iyong guro ang bawat sitwasyon.
Tukuyin ang lugar na nabanggit.

1. Ang paaralan ay maganda.
2. Ang parke ay malinis.
3. Maraming tao sa palengke.
4. Masaya ang mga tao sa simbahan.
5. Ang bahay ay gawa sa kahoy.



Pagsasalansan

Sa araling ito, nalaman mo ang iba't ibang lugar sa ating komunidad at natutuhan din ang pagkuha ng detalye sa kuwentong binasa.

ARALIN 15

Masayang Serbisyo at Mabuting Produkto



Sa araling ito, mauunawaan at malalaman mo ang iba't ibang lugar na nagbibigay serbisyo at produkto sa ating komunidad. Ang mga lugar na ito ay mahalaga sa pagpapanatili nang maayos at masaganang pamumuhay sa ating komunidad.



Layunin


- ◇ Natutukoy ang mga lugar na nagbibigay serbisyo at produkto sa komunidad.
- ◇ Nababanggit ang mga salita na nagbibigay serbisyo o produkto.
- ◇ Nalalaman ang iba't ibang salita na ginagamit sa pagbibigay paalam.



Paghihibla ng mga Salita

nagtungo (nag-tu-ngo) – pinuntahan ang isang lugar

bitbit (bit-bit) – may dala-dalang bagay



Paghahabi ng Kaalaman

Makinig sa kuwentong babasahin ng iyong guro.




Isang araw ng Sabado maagang gumising si Aling Susan para pumunta ng palengke. Bibili siya ng mga kailangan niya sa kaniyang tindahan.



Ngunit napansin niya na marumi na pala ang kaniyang kuko kaya naisipan niya pumunta muna ng parlor para magpalinis ng kuko. Nasiyahan si Aling Susan sa serbisyo ng manikurista kaya naman pagkatapos niyang magbayad ay binigyan niya rin ito ng tsokolate.




Matapos magpalinis ng kuko ni Aling Susan agad na siyang nagtungo sa palengke upang mamili ng mga kailangan niya sa kaniyang tindahan. Masayang umuwi si Aling Susan bitbit ang mga pinamili.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.


1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino ang tauhan sa kuwento?
3. Saan pumunta si Aling Susan para magpalinis ng kuko?
4. Saan pumunta si Aling Susan para mamili ng produkto sa kaniyang tindahan?



Paglililaw sa mga Kaalaman

Banggitin ang mga nakikita sa larawan. Ano ang pagkakaiba ng produkto at serbisyo?

ANG IBA'T IBANG LUGAR NA NAGBIBIGAY NG SERBISYO AT PRODUKTO SA KOMUNIDAD



tindahan




parlor



panaderya




botika



klinika



barberya



Pagpapalalim

Panuto: Banggitin ninyo kung ang mga salita ay nagbibigay serbisyo o produkto.

1. Tindahan
2. Barberya
3. Klinika
4. Groseri
5. Panaderya



Paglalapad ng Karunungan

Sa kulturang Pilipino, ang pagpapaalam o ang pagbibigay ng paalam ay may kanya-kanyang natatanging paraan ng pagpapahayag na malalim ang ugat sa respeto at ng pakikitungo.

Narito ang ilang karaniwang paraan kung paano nagpapahayag ng pagpapaalam ang mga Pilipino:

1. **Paalam** – Ito ay pormal at magalang, ginagamit sa parehong kaswal at pormal na sitwasyon.

Halimbawa, “Paalam, makikita kita bukas!”



Paalam.

2. **Ingat:** Literal na nangangahulugang “mag-ingat.” Ito ay isang pangkaraniwang paraan ng pagpapaalam na nagpapahiwatig ng pag-aalala at pagmamalasakit sa kalagayan ng taong pinapaalamanan.

Halimbawa, “Ingat ka sa pag-uwi.”



Ingat.

3. **Sige, aalis na ako** – Ito ay isinasalin sa “Sige, aalis na ako.” Ito ay isang kaswal na paraan ng pagsabi ng pag-alis sa mga kaibigan at pamilya.



Sige, aalis na ako.

4. **Hanggang sa muli** – Ito ay isang paraan ng pagpapaalam na may implikasyon na umaasa kang magkikita kayong muli.



Hanggang sa muli.

5. Babalik ako agad – Ginagamit ito kapag ang pagpapaalam ay pansamantala lamang at may balak ang taong bumalik agad.



Babalik ako agad.

Ang pagpapaalam sa Pilipino ay madalas sinasamahan ng mga kilos tulad ng mano (isang senyales ng paggalang kung saan ang mas bata ay kukuha ng kamay ng nakatatanda at idadampi ito sa kanilang noo).

Pagsasanay

Panuto: Piliin ang tamang sagot. Banggitin sa guro ang inyong sagot.

1. Ano ang iyong sasabihin kung ang iyong kaibigan ay nagpapaalam ng umuwi?
 - a. huwag muna!
 - b. ingat ka
 - c. teka lang
2. Ano ang tamang sagot kung balak mo pang bumalik sa bahay ng iyong kaibigan?
 - a. babalik ako agad
 - b. paalam
 - c. ingat

3. Ito ay pagpapaalam na magkikita kayong muli?


- a. ingat
- b. babalik ako agad
- c. sige, aalis na ako



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Tingnan ang larawan at sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang ginagawa ng dalawang bata?
2. Nasaan sila?
3. Magkakilala kaya ang dalawa?



Pagsasalansan

Sa araling ito, naunawaan natin ang isang kuwentong nagpapakita ng lugar na nagbibigay ng serbisyo at produkto sa komunidad.

ARALIN 16

Maging Responsableng Mamamayan



Sa araling ito, inaasahan na mauunawaan natin ang nilalaman ng isang tekstong pang-impormasyon makapagkukuwento tayo ng mga karanasan na kaugnay sa kuwento.



Layunin

- ◇ Naunawaan ang tamang paggamit ng “ang” at “ang mga”.
- ◇ Nababanggit ang “ang” at “ang mga”.
- ◇ Nakasusunod sa panutong ibinigay.



Paghihibla ng mga Salita

Kolektor (ko-lek-tor) – nangongolekta ng mga bagay o gamit

Panuto (Pa-nu-to) – gabay o direksyon



Paghahabi ng Kaalaman

Makinig sa kuwentong babasahin ng iyong guro.

Pagbukod-bukod ng mga Basura

Araw ng Lunes, maagang inilabas ni Aling Pasing ang mga basura upang makuha ito ng mga tagakuha ng basura sa kanilang barangay. Nang dumating ang mga ito ay hindi nila kinuha ang basura mula sa bahay nila Aling Pasing.


“Pasensya na po Aling Pasing, kailangan n’yo pong pagbukod-bukurin ang inyong mga basura bago namin ito kunin. Namigay na rin po kami ng mga impormasyon noong isang buwan pa,” wika ng mga taga kuha ng basura.

Biglang naalala ni Aling Pasing na hindi niya binasa ang ipinamigay na papel mula sa barangay. Hinanap niya ito at binasa.



Brgy. Kamatisan

Paghiwa-hiwalayin ang inyong mga Basura



Ang hindi magbubukod-bukod ng basura ay papatawan ng sumusunod na multa:


Unang Paglabag: Hindi kukunin ng kolektor ang inyong basura at multang 500.

Ikalawang Paglabag: Magmumulta ng 1000.

Ikatlong Paglabag: Magmumulta ng 5000.

Nakita niya na kailangan palang pagsama-samahin ang mga basurang nabubulok sa isang lagayan, ihihiwalay rin ang mga hindi nabubulok tulad ng mga plastic bag, at dapat na nakabukod din ang maaari pang i-recycle tulad ng mga bote. Nakasulat din doon na hindi nga kukunin ang kanilang basura kung hindi ito magkakabukod-bukod.


Mabilis na pinaghiwa-hiwalay ni Aling Pasing ang kanilang mga basura ayon sa uri. Kinuha naman agad ito ng mga kolektor ng basura.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Bakit hindi kinuha ng kolektor ang basura ni Aling Pasing?
2. Ano ang paalala tungkol sa basura?
3. Bakit mahalagang magbasa ng mga anunsyo?
4. Nakapagreresiklo rin ba kayo sa inyong tahanan? Paano?



Paglilinaw sa mga Kaalaman

Pagsunod sa Panuto


Ang pagsunod sa panuto ay mahalaga para magawa natin nang tama ang isang bagay na kinakailangan natin. Nararapat lamang na pakinggan nating mabuti ang bawat hakbang na gagawin upang masunod nang tama ang hinihingi sa atin.

Ang pagsunod sa panuto ay magagamit natin sa mga sumusunod:

- Paggawa ng isang bagay
- Pagpunta sa isang lugar
- Pagluluto ng isang pagkain

Halimbawa:

1. Ang nakalap na basura ay paghiwalay-hiwalayin.
2. Ilagay ang mga balat ng prutas sa nabubulok.
3. Ilagay naman ang wrappers sa di-nabubulok.
4. Ilagay naman sa nareresiklo at mga papel at karton.
5. Ang mga sirang gamit naman ay ilagay sa *Toxic and Hazardous waste*.



Pagpapalalim

Panuto: Pakinggang mabuti ang sasabihin ng iyong guro. Sundin ito.

1. Maupo nang maayos.
2. Ilagay ang dalawang kamay sa ibabaw ng mesa.
3. Sabihin sa katabi ang “Magandang Araw!”.
4. Tapikin nang marahan sa balikat ang iyong kaklase.
5. Kamayan mo ito habang nakangiti.



Paglalatapat ng Karunungan

Tamang Gamit ng Ang at Ang Mga

Ginagamit ang panandang ang kapag ang isang 'di-tiyak na ngalan ng tao, bagay, lugar, at hayop ang tinutukoy.

Halimbawa:

ang guro
ang paaralan
ang lapis
ang ruler

Ginagamit ang panandang **Ang mga** kapag dalawa o higit pang 'di-tiyak na ngalan ng tao, bagay, lugar, at hayop ang tinutukoy.

Halimbawa:

ang mga mag-aaral
ang mga puno
ang mga silid-aralan
ang mga bubuyog


Pagsasanay

Panuto: Gamitin nang wasto ang **Ang** at **Ang mga** sa bawat bilang upang mabuo ang pangungusap. Banggitin ito sa klase.


1. _____ guro ay nagtuturo.




2. _____ lapis ay mahahaba.




3. _____ papel ay makukulay.



4. _____ silid aralan ay malinis.



5. _____ ruler ay bali.





Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Kasama ang iyong kapares, kumpletuhin ang maikling usapan sa ibaba. Banggitin kung ang o ang mga ang dapat banggitin.

Kim, nahulog
1. _____
panyo mo


Naku! Salamat Rona
ha. Teka! Para kanino
2. _____ damit
na iyan?

Ah eto ba...
Ibibigay ko sa
mga taong
nasunugan
kasama
3. _____
sapatos na ito.



Hehehe! Hindi lang Nanay
ko, pati 5. _____ Guro
natin sa Filipino, Science at
Math. Tatlong mababait na
guro!

Mabait kang
bata Kim!
4. _____
Nanay mo ba
ang nagturo sa
iyo niyan?




Pagsasalansan

Sa araling ito, iyong naunawaan ang kahalagahan ng pagsunod sa panuto at pagbubukod-bukod ng basura upang mapanatili ang kaayusan sa ating komunidad.

ARALIN 17

Kalinisan at Kaayusan sa Komunidad



Sa araling ito, matututuhan natin ang ilan sa mga hakbang upang maging maayos at malinis ang komunidad. Malalaman din natin ang kahalagahan ng maayos at malinis na komunidad.



Layunin

- ◇ Nauunawaan ang tamang pangangalaga sa komunidad.
- ◇ Naipapamalas ang kahalagahan ng maayos at malinis na komunidad.
- ◇ Natutukoy ang tuldok at tandang pananong sa pangungusap.



Paghihibla ng mga Salita

Kalinisan (ka-li-ni-san) – pagpapanatili ng personal at kapaligirang kalinisan.

Kaayusan (ka-a-yu-san) – pagiging maayos, organisado, at walang gulo



Paghahabi ng Kaalaman

Bibigkasin ninyo ang tula pagkatapos itong basahin ng guro.

Kalinisan at Kaayusan sa Komunidad


Sa aming bayan, kalinisan ay mahalaga
Ito ang aming yaman, 'di hahayaang mawala
Pati ang pagsunod sa mga babala at paalala
Upang lahat ay maging maayos at maginhawa



Hakbang sa Maayos at Malinis na Komunidad

Halina't Samahan natin si Lisa na kilalanin ang iba't ibang lugar sa kanilang komunidad:

- Magtapon ng basura sa tamang tapunan.



- Maglinis sa loob at labas ng bahay.




- Sundin ang mga paalala at babala.



Kahalagahan ng Maayos at Malinis na Komunidad

- **Maganda sa paningin**

Kapag maaliwalas ang paligid ay masayang maglaro at mamasyal dito.



- **Maiiwasan ang sakit**


Kapag malinis ang komunidad ay maiiwasan ang mga sakit na mula sa mga dumi sa paligid.



- **Mapananatili ang kapayapaan**

Sa pagsunod ng mga babala at paalala sa bawat lugar sa komunidad, maiiwasan ang kaguluhan, aksidente, at mapanatili ang kapayapaan.


Hindi lamang tayo ang makikinabang sa malinis at maayos na komunidad kundi pati na rin ang iba pang nabubuhay rito gaya ng mga halaman at hayop. Ang isang malinis na komunidad ay nakatutulong sa ating kalusugan. At ang isang mapayapang komunidad ay nakapagbibigay ng kaayusan sa ating buhay.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Paano inilarawan ang bayan sa tula?
2. Ilarawan ang iyong bayan. Katulad ba ito ng nasa tula? Bakit?
3. Paano mo masasabing malinis at mapayapa ang iyong komunidad?
4. Paano makatutulong sa iyo ang kaayusan?
5. Paano ka makatutulong sa kaayusan ng iyong komunidad?



Paglililaw sa mga Kaalaman

Paalala at Babala

Ang mga paalala ay ginagamit upang ipagbigay alam sa mga tao ang mga dapat gawin pati na rin ang mahahalagang gawain.

Halimbawa:

1. Bawal pitasin ang mga bulaklak.
2. Bumati sa mga guro bago pumasok.

Ang babala naman ay ginagamit upang ipagbigay alam sa mga tao na may panganib o hindi kanais-nais na mangyayari kapag sinuway ang nakasulat.


Halimbawa:

1. Huwag maglaro sa gilid ng pool.
2. Mag-ingat sa paggamit ng apoy, nakasusunog, at nakapapaso.

Pagmasdan ang mga larawan na nasa ibaba.

1. Ano ang iyong nakikita sa larawan?
2. Madalas ka bang makakita ng mga *sign* o karatula sa paligid tungkol sa babala at paalala?
3. Magbanggit ng iba't ibang *sign* na makikita sa paligid.





Pagpapalalim

Panuto: Tukuyin kung ang pangungusap ay paalala o babala. Banggitin ninyo isa-isa.

- Huwag kalimutang kumain.
- Bawal tumawid, maaaring maaksidente.
- May pagsusulit bukas.
- Huwag gumamit ng telepono habang nagmamaneho.
- Gumamit ng “po” at “opo”.



Paglalapad ng Karunungan

Bantas na Tuldok at Tandang Pananong

Ginagamit ang **tuldok** sa dulo ng pangungusap na nagsasalaysay o nag-uutos.

Halimbawa:

1. Sundin ang mga paalala at babala.
2. Kapag malinis ang komunidad ay maiiwasan ang mga sakit na mula sa mga dumi sa paligid.

At ginagamit naman ang **tandang pananong** sa dulo ng pangungusap na nagtatanong.

Halimbawa:

1. Sa inyo po ba ‘to?
2. Saan mo ‘yan nakita, bata?

Pagsasanay

Panuto: Bilugan ang mga nakikitang tuldok at tandang pananong sa talata.


Bakit nga ba mahalaga na maging malinis at maayos ang ating komunidad? Mahalaga ito dahil ang malinis na kapaligiran ay nagdudulot ng mabuting kalusugan. Sa mga lugar na malinis at maayos, mas mababa ang panganib ng pagkalat ng sakit na maaaring makuha sa maruming kapaligiran.



Paglatag ng Kasanayan

Ipapangkat kayo ng guro. Bibilugan ninyo ang mga larawan na nagpapakita ng tamang gawain at lalagyan ninyo naman ng ekis ang mga maling gawain sa komunidad.





Pagsasalansan

Sa araling ito, nalaman natin ang kahalagahan at kahulugan ng bawat paalala at babala na nakikita sa ating paligid.

ARALIN 18

Ang Alamat ng Makahiya



Sa araling ito, tayo ay makikinig sa isang kuwentong naglalaman tungkol sa mga pinagmulan ng mga bagay, lugar, pangalan, o kaganapan. Gayundin, mauunawan din ang kahulugan ng pandiwa.



Layunin

- ◇ Naipapahayag ang kanilang karanasan na hindi inaasahang kabutihang loob mula sa iba.
- ◇ Nailalarawan ang mga tauhan sa kuwentong binasa.
- ◇ Natutukoy ang mga salitang nagsasaad ng kilos.



Paghihibla ng mga Salita


Habulin (ha-bu-lin) – tumutukoy sa pagtakbo.

Mag-agawan (mag-a-ga-wan) – tumutukoy sa pagkilos ng dalawa o higit pang mga tao.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang Alamat ng Makahiya



Noong unang panahon, sa bayan ng Dumaguete ay mayroong mayamang mag-asawang nakatira sa malaking bahay. Sina Mang Ambo at Aling Rosy ay may isang anak na babaeng nagngangalang Maya. Siya ay sampung taong gulang at mahal na mahal siya ng kaniyang mga magulang.

Si Maya ay gustong-gusto ng mga tao. Responsable, masipag, masunurin, mabait, at magalang. Lahat na yata ng magagandang katangian ay taglay niya. Ngunit mayroon lamang siyang isang katangiang



mahirap mabago sa kaniya, ang pagiging mahiyain. Ilang siyang makipag-usap sa mga tao. Palagi rin siyang nagtatago sa loob ng kaniyang silid para lamang hindi makita at makausap ng mga tao.

Mahilig mag-alaga ng mga bulaklak si Maya. Isang hardin ang ibinigay ng kaniyang mga magulang upang doon ay mag-alaga ng iba't ibang uri ng bulaklak. At dahil magaling siyang mag-alaga ng mga bulaklak, naging tanyag siya sa kanilang lugar.

Isang araw, kumalat ang balita na may pangkat ng mga tao ang nagnakaw sa katabing bayan nila. Balitang masasama raw ang mga ito dahil sinaktan rin nila ang mga taong naninirahan sa bayang pinasok nila at dinala pa ang mga pera nito. Takot na takot ang lahat sa balitang ito.

Kinabukasan, ang mga magnanakaw ay sa kanila naman nagpunta. At sa bahay nina Mang Ambo, Aling Rosy, at Maya ito pumasok. Pinagtago ni Mang Ambo ang kaniyang mag-ina. Si Maya ay sa hardin nagkubli para sa kaniyang kaligtasan. Si Aling Rosy naman ay sa loob ng kabinet nagtago at si Mang Ambo ay nagkubli lamang sa upuan.

Takot na takot si Aling Rosy kaya nagdasal siya para walang mangyaring masama sa kanila.

“Panginoon, iligtas ninyo po ang aking anak na si Maya,” panalangin ni Aling Rosy.

Narinig niya ang pagbukas ng kanilang pinto tanda na nakapasok na ang mga magnanakaw. Nakita ng mga magnanakaw si Mang Ambo at hinampas nila sa ulo. Nawalan ng malay si Mang Ambo. Hindi ito natiis ni Aling Rosy at sinugod niya ang mga magnanakaw upang ipagtanggol ang kaniyang asawa na wala nang malay.

Ngunit ganoon din ang ginawa ng mga magnanakaw sa kaniya. Pinalo siya sa ulo at agad siyang nawalan ng malay.

Hinanap ng mga magnanakaw si Maya ngunit hindi nila ito nakita. Kinuha nila ang mga alahas at pera ng pamilya at umalis na.

Nang matauhan ang mag-asawa ay nakaalis na ang mga magnanakaw. Nagmamadali silang pumunta sa hardin para hanapin si Maya ngunit hindi nila ito nakita. Muli ay hinanap nila ang kanilang anak sa lahat ng sulok ng kanilang bahay ngunit wala pa rin ito.


“Nawawala ang anak ko! Tinangay nila ang anak ko!” umiiyak na sabi ni Aling Rosy.

Bigla-bigla ay naramdaman ni Mang Ambo na may tumutusok sa kaniyang mga paa. Nagulat siya dahil may nakita siyang isang maliit na halaman na mabilis na tumitiklop ang mga dahon nito. Ito ang unang beses nilang makakita ng ganitong uri ng halaman. Lumuhod si Mang Ambo upang tingnang mabuti ang halaman. Ganoon din ang ginawa ni Aling Rosy.

Pagkatapos ng matagal na pagkakatatig sa halaman, ang mag-asawa ay naniniwalang ang halaman na iyon ay si Maya. Ginawang halaman ng Panginoon si Maya upang mailigtas sa mga masasamang tao. Dahil dito ay hindi mapigilan ng mag-asawang maiyak. Ang bawat luhang pumapatak sa halaman ay nagiging isang maliit at bilog na kulay rosas na halaman.

Magmula noon ay inalagaan nilang mabuti ang

halaman. Naniniwala sila at alam nila na ang halaman ay ang anak nilang si Maya. Katulad ng kanilang anak, ang halaman ay mahiyain din. Dahil dito ay tinawag nila itong “makahiya” dahil nagtataglay ito ng katangian ni Maria—pagkamahiyain.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Ano-ano ang katangian ni Maya?
2. Ano ang kinatakot ng mga tao sa kuwento? Bakit?
3. Saan itinago ng mag-asawa si Maya?
4. Paano naligtas ng pagiging mahiyain si Maya sa kapahamakan?
5. Bakit nawawala si Maya? Ano ang nangyari?



Paglilinaw sa mga Kaalaman

Kahulugan ng salita batay sa kumpas o galaw at ekspresyon ng mukha

Sa pang-araw na pamumuhay, gamit natin ang mga salita upang ipahayag ang ating mga nararamdaman. Ginagamit ang mga salita para sa komunikasyon, ngunit alam mo bang hindi lang mga salita ang maaari nating gamitin sa pagkikipag-usap? May mga pagkakataong nakatutulong ang kumpas ng ating mga kamay, galaw, o ekspresyon ng mukha para ihayag ang nais nating

sabihin. Kung minsan nga ay hindi na rin kailangan ng salita dahil sapat na ang ating pagkilos para malaman ng iba ang nais nating sabihin.

1. Kumpas

Sa pagkumpas, gamit natin ang ating mga kamay para maghayag o para makatulong sa nais nating sabihin.

Halimbawa:

Kapag tayo ay nagpapaalam sa isang tao ay ginagamit natin ang ating mga kamay.



Ginagawa natin ang nasa larawan kung labis ang kasiyahan at galak.



Ginagamit naman nating kumpas na ito kung tumatanggi tayo sa inaalok.

Kahit ang traffic enforcers ay gumagamit ng mga kumpas dahil hindi naman sila maririnig sa maingay na kalsada.



2. Galaw

Sa pamamagitan ng mga galaw natin, kahit hindi sabihin ay nakikita ng iba kung ano ang ginagawa natin.





Naipapakita din ng galaw ang ating nararamdaman. Halimbawa, masasabi mong hindi mapakali ang taong palakad-lakad at pabalik-balik.



Makikita rin natin kung ang kausap ay nahihiya sa galaw ng kaniyang katawan.

3. Ekspresyon ng mukha

Hindi na natin kailangan hulaan ang nararamdaman ng iba dahil sa nakikita natin ito sa ekspresyon ng kanilang mukha. Nakangiti ba siya? Nakasimangot? Seryoso? Nakakurba ng pababa ang mga labi? May tamang ekspresyon para sa ating mga sinasabi at nararamdaman.



Pagpapalalim

Panuto: Tukuyin ang nais sabihin ng mga sumusunod na larawan.





Paglalapad ng Karunungan

Ang pandiwa ay salitang nagsasaad ng kilos o galaw.

Halimbawa

nagsasalita

kumakain

tumalon

uminom

magsisimba

aalis

Halimbawa:

Takot na takot si Aling Rosy kaya **nagdasal** siya.

Hindi ito natiis ni Aling Rosy at **sinugod** niya ang mga magnanakaw.

Pagsasanay

Panuto: Ano ang ginagawa ng bawat bata sa ibaba?
Salungguhitan ang tamang sagot.



1.

nagwawalis

nagpupunas



2.

nagtatanim

nagdidilig



3.

sumasayaw

kumakanta



4.

naglalakad

nagmamaneho



5.

naliligo


nagbabasa



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Maghanap ng kapares. Ipakita ang iyong emosyon o ekspresyon ng mukha sa mga sumusunod na senaryo.

- Isipin na pag-uwi mo galing sa paaralan, agad mong hinanap ang iyong paboritong laruan na teddy bear para makipaglaro. Ngunit, hindi mo ito makita kahit saan mo hanapin sa bahay. Nalulungkot at nag-aalala ka dahil mahal na mahal mo ang laruan na iyon.
- Isipin na ngayon ay ang araw ng iyong kaarawan. Paggising mo sa umaga, nakita mo ang iyong pamilya na may dala-dalang malaking cake na may kandila sa itaas. Lahat sila ay nakangiti at kumakanta ng “Happy Birthday” para sa iyo.



Pagsasalansan

Sa araling ito, naunawaan natin ang isang kuwentong nag-iwan ng magandang mensahe at nalaman din ang iba’t ibang ekspresyon ng mukha.

KABANATA 4

Kapaligiran

Sa Sa kabanatang ito, magkakaroon ka ng pagkakataong ipakita at paunlarin ang iyong kakayahan sa pagbasa, pagsalita, at pakikinig. Mapapalawak mo rin ang iyong kaalaman sa paggamit ng wika, lalo na sa pakikipag-ugnayan sa loob ng silid-aralan at sa pagpapahayag ng iyong mga ideya tungkol sa iba't ibang paksa, partikular na ang mga may kinalaman sa sarili at pamilya.

ARALIN 19

Ugaliing Maglinis!



Sa araling ito, makikilala ng mga mag-aaral ang mga bagay na madalas na ginagamit sa paglilinis ng kapaligiran. Maipapahayag din ng mga mag-aaral ang kanilang sariling karanasan sa paglilinis.



Layunin


- ◇ Nakapagpapalit ng mga tunog upang makabuo ng mga bagong salita.
- ◇ Nakapagdaragdag ng mga tunog upang makabuo ng mga bagong salita.
- ◇ Natutukoy ang mga salita sa pamamagitan ng tunay na bagay, larawan, at nalalaman ang gamit nito sa paglilinis.



Paghihibla ng mga Salita

pananalanta (pa-na-na-lan-ta) – pagtama o pagsira

nagdaos (nag-da-os) – nagsagawa



Paghahabi ng Kaalaman

Pakinggan ninyo ang kuwento na babasahin ng guro.


Kalinisan at Kaayusan sa Komunidad

Pinakikinggang mabuti ni Aling Vicky ang **salita** ng reporter sa **balita** ng kaniyang pinakikinggan. Mayroon daw parating na bagyo kaya pinaghahanda ang mga tao. Tandang-tanda pa niya noong nakaraang taon na isang matinding bagyo ang dumating sa kanilang bayan. Marami ang nalubog sa **baha** dahil sa matinding **bara** ng mga basura sa kanal. Nagsimula **sila** na maglinis ng kanilang paligid upang mawala ang **pila** ng mga basura. Ayaw na nilang maulit muli ang pananalanta ng bagyo sa kanilang lugar.

Nang matapos na ang bagyo, wala ni **isa** sa kanila ang nalubog sa baha. Nagdaos sila ng isang **misa** upang magpasalamat sa Diyos. Nangako rin sila sa bawat isa na pangangalagaan nilang mabuti ang kanilang kapaligiran.

Ano ang napapansin ninyo sa pares ng mga salitang makikita sa binasang kuwento?


- salita at balita
- baha at bara
- sila at pila
- isa at misa



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Saan nakikinig ng balita si Aling Vicky?
2. Ano ang napakinggang balita ni Aling Vicky?
3. Ano ang kanilang ginawa upang hindi bumaha sa kanila?
4. Sa iyong palagay, tama ba ang kanilang ginawa sa kanilang kapaligiran?



Paglililaw sa mga Kaalaman

Pagpapalit ng mga Tunog sa Pagbuo ng Bagong Salita

Maaaring palitan ng isang letra sa unahan, gitna, o hulihan ang mga salita upang makabuo ng isang bagong salita.

Halimbawa ng pagpapalit sa unahan:


- kama – sama
- lapis – tapis

Halimbawa ng pagpapalit sa gitna:

- masa – misa
- baha – basa

Halimbawa ng pagpapalit sa hulihan:

- lasa – laso
- aliw – alis




Pagpapalalim

Tayo ay maglaro. Hatiin natin ang klase sa dalawang pangkat. Ang bawat pangkat ay magpaparamihan sa mabubuong bagong salita sa salitang ipakikita ko.

Maaari kayong magdagdag o magpalit ng titik sa unahan, gitna, o hulihan ng salita. Ang pangkat na may pinakamaraming salitang nabuo ang mananalo.

1. bata
2. sala
3. puso



Paglalatapat ng Karunungan

Tingnang mabuti ang mga larawan.



1. Ano ang inyong napapansin sa mga larawan?
2. Ano ang dapat nating gawin kapag marumi ang paligid?
Magpapakita ang guro ng mga tunay na bagay.
3. Ano ang mga bagay na kailangan natin para linisan ang mga ito? (Tutukuyin ng mga mag-aaral ang salita sa bagay na iyon)

Mga Kagamitang Panlinis

Ito ang mga kagamitang panlinis/*cleaning materials* na madalas nating makikita sa loob ng bahay at sa paaralan. Ginagamit ito para panatilihin ang kalinisan sa kapaligiran. Kapag malinis ang kapaligiran, tayo ay makaiiwas sa mga sakit tulad ng sipon at pag-ubo. Kaya, mahalaga na ugaliin nating maglinis ng ating kapaligiran araw-araw.



Pagsasanay

Panuto: Banggitin mo ang **TAMA** kung ito ay nagsasaad ng wastong paglilinis at **MALI** kung hindi.


- _____ 1. Si Ginang Cruz ay nagpunas ng kaniyang maalikabok na lamesa.
- _____ 2. Nagligpit ng mga damit si Marian.
- _____ 3. Si Carlo ay nakahulog ng bason na may lamang tubig sa sahig.
- _____ 4. Nagwalis ng mga tuyong dahon sa bakuran si Tatay David.
- _____ 5. Si Mara ay nag-iwan ng kalat sa ilalim ng kaniyang upuan.



Paglalatag ng Kasanayan

Panuto: Tingnan ninyo ang bawat larawan. Piliin ang titik na inyong idadagdag upang matukoy ang ngalan nito. Base sa paglalarawang ginamit sa tao, hayop, bagay, lugar, at pangyayari na may salungguhit.

1. Hulihan



santo



santo__


a. l

b. n


c. r

d. w

2. Unahan



usa



__usa


a. p

b. l


c. b

d. m

3. Gitna



pito



pi__to

a. c


b. w

c. r


d. n

Tignan ninyo ang bawat larawan. Piliin ang titik na inyong ipapalit upang matukoy ang ngalan nito.

1. Hulihan



puso



pu__o


a. t

b. n

c. m

d. l

2. Unahan



mata



__ata

a. b

b. p

c. l

d. g

3. Gitna



kutis




kuti__

a. t

b. k

c. r

d. ng



Pagsasalansan

Sa araling ito, nalaman ang kahalagahan ng paglilinis ng ating kapaligiran. Natutuhan din ninyo sa araling ito na magdagdag ng letra sa unahan, gitna, o hulihan upang makabuo ng bagong salita.

ARALIN 20

Ating Kapaligiran, Mahalin at Pagyamanin Natin



Sa araling ito, matututuhan ang mga bagay na nabubulok at di-nabubulok. Gayundin, matututuhan din natin ang paggamit ng maki- at paki- sa pakikipag-usap.



Layunin


- ◇ Natutukoy ang mga basura na nabubulok at di-nabubulok;
- ◇ Nalalaman ang tamang pamamahala ng basura.
- ◇ Natututuhan ang gamit ng maki- at paki- sa pagsasaad ng pakiusap.



Paghihibla ng mga Salita

tanim (ta-nim) – uri ng halamang binabaon sa lupa.


sariwa (sa-ri-wa) – ginagamit ito para ilarawan ang hangin na malinis, presko, at nakakapagbigay ng pakiramdam ng kaginhawaan o sa ibang konteksto.



Paghahabi ng Kaalaman




Pakinggan ninyo ang kuwento na babasahin ng guro.

Ating Kapaligiran, Mahalin at Pagyamanin Natin



Napakaraming makikitang tanim sa bakuran ni Aling Sally sapagkat masipag siya. Mayroon din siyang puno ng mangga, atis, santol, maging ang iba't ibang gulay rin tulad ng sitaw at kalabasa. Inilalaan niya ang kaniyang buong maghapon sa pag-aalaga ng kaniyang mga tanim sapagkat alam niyang nakabubuti ito sa ating kapaligiran. Ang pagtatanim ng mga puno ay nagdudulot ng sariwang hangin. Isa rin itong malaking tulong para sa kanilang pamilyang nangangailangan ng dagdag na kita dahil maaari nilang maibenta ang bunga nito. Kay gandang pagmasdan ang makukulay na bulaklak sa kaniyang taniman. Kasa-kasama niya parati ang kaniyang bunsong anak sa pagtatanim at pag-aalaga ng mga ito upang sa murang edad pa lamang ay matuto na ito ng pagtatanim at maging isa sa katulong ng kalikasan.


Tignan ang mga larawang nabanggit sa kuwentong binasa. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong tungkol dito.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.


1. Ano ang makikita sa bawat larawan?
2. Alin sa mga larawan ang angkop gamitan ng salitang naglalarawan na Maganda? Mataas? Malawak?




Paglilinaw sa mga Kaalaman

Babasahin ng guro ang talata.

Tamang Pamamahala ng Basura



NABUBULOK



DI-NABUBULOK

Ano nga ba ang Nabubulok na basura?

Ito ang uri ng basura na nabubulok. Kadalasan, ginagamit ito bilang *fertilizer* o pataba sa mga lupa.

Halimbawa:

dahon, balat ng prutas, dumi ng mga hayop, gulay, damo, at tira-tirang pagkain.

Ano naman ang mga Di-nabubulok na basura?


Ang di-nabubulok/*non-biodegradable* ay ang mga basura na hindi nabubulok. Ito ang mga basura na pwede pang muling gamitin bilang ibang produkto.

Halimbawa:

plastic na bote, babasaging bote, karton, papel, lata, at mga sirang gamit.

Ang pagkakaroon ng dalawang magkahiwalay na basurahan para sa Nabubulok at Di-nabubulok.

na basura ay ginagawa para sa pamamahala ng basura. Mahalaga na matutuhan natin ang wastong pamamahala ng basura para sa ikagaganda, ikalilinis, at ikaayos ng ating kapaligiran.



Pagpapalalim

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong ng inyong guro.

1. Kung ikaw ay nakakita ng bote ng softdrinks, saan mo ito itatapon, sa basurahang Nabubulok o Di-Nabubulok?
2. Mahalaga ba sa ating kapaligiran ang tamang pamamahala ng basura? Kung oo, itaas ang inyong mga kamay.
3. Pakiayos ang inyong upuan at lamesa. Ito ba ay nagbibigay-kaalaman, nagtatanong o nang-uutos/ nakikiusap?



Paglalatapat ng Karunungan

Gamit ng maki- at paki – sa Pagsasaad ng Pakiusap

Ang “maki-” at “paki-” ay mga panlapi sa wikang Filipino na ginagamit sa pagbuo ng mga salita na nagpapahayag ng pakiusap o hiling.

Ang paggamit ng dalawang ito ay nagpapakita ng magalang na paraan ng paghingi ng tulong.

Narito ang pagkakaiba at paggamit ng “maki-” at “paki-”:

Maki-

Ang panlaping “**maki-**” ay ginagamit kapag ang hiling o pakiusap ay may direktang partisipasyon o kasali ang nagsasalita sa aktibidad. Ito ay nangangahulugan ng “*to join in*” o “*to participate*” sa Ingles.

Halimbawa:

- **Makisuyo** (*to ask for a favor*) – “Maaari ba akong makisuyo na samahan mo ako sa pagbili sa tindahan?”
- **Makikain** (*to eat together with*) – “Puwede ba akong makikain sa inyo mamayang tanghalian?”
- **Makiluto** (*to cook together with or to ask permission to cook*) – “Maaari bang makiluto ako dito sa kusina mo?”

Paki-

Ang panlaping “**paki-**” ay ginagamit naman kapag ang hiling o pakiusap ay isang aksyon na ipapagawa sa ibang tao. Ito ay karaniwang nangangahulugan ng “*please do something for me*” sa Ingles.

Halimbawa:

- **Pakidala** (*please bring*) – “Pakidala naman ito sa opisina.”
- **Pakisabi** (*please tell*) – “Pakisabi kay Juan na tumawag siya sa akin.”

- **Pakiabot** (*please pass/hand over*) – “Pakiabot nga ng asin.”

Ang paggamit ng “maki-” at “paki-” ay nagpapakita ng pagiging magalang at pagsasaalang-alang sa damdamin ng kausap. Mahalaga ang pagpili sa tamang panlapi upang ang pakiusap ay maiparating sa pinakaangkop na paraan.

Pagsasanay

Panuto: Ang bawat pangkat ay gagawa ng isang diyalogo gamit ang maki- at paki- ayon sa sitwasyon sa ibaba.


Sitwasyon 1: Sa Aklatan


Sitwasyon 2: Sa Kainan



Paglatag ng Kasanayan

Kasama ang inyong kapares, tukuyin ang mga nasa larawan kung ito ay nabubulok o di-nabubulok. Kulayan ng berde ang mga basurang nabubulok at pula naman kung mga di-nabubulok.





Pagsasalansan

Sa araling ito, natutuhan ang pakikipag-usap gamit ang maki- at paki-. Natutukoy rin ang mga bagay na nabubulok at di-nabubulok. Napahahalagahan din ang wastong pamamahala ng basura.

ARALIN 21

Si Mang Lito na Mangingisda



Sa araling ito, inyong pauunlarin ang inyong kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa kuwentong binasa. Tutukuyin ninyo ang mga mahahalagang detalye sa kuwentong inyong binasa. Matututuhan mo rin ang pangungusap na nagsasaad ng dahilan at resulta.



Layunin


- ◇ Nauunawaan ang nilalaman ng tula.
- ◇ Natutukoy ang mahahalagang detalye sa binasang kuwento.
- ◇ Nalalaman kung ano ang dahilan at resulta ng kuwentong binasa.



Paghihibla ng mga Salita

dinamita (di-na-mi-ta) – isang uri ng mga pampasabog na nagreresulta sa pagkasira ng mag coral reef at pagkawala ng mahalagang buhay sa dagat.

babala (ba-ba-la) – paalalang dapat nating sundin para sa ating kaligtasan.



Paghahabi ng Kaalaman


Pakinggan ninyo ang kuwento na babasahin ng guro.

Si Mang Lito na Mangingisda

Pangingisda ang pangunahing hanapbuhay o pinagkukuhanan ng kabuhayan ng mga tao sa isang maliit na baryo ng Carmen, Pangasinan. Dahil sa kanilang kagustuhang nilang makahuli ng maraming isda, gumagamit sila ng dinamita sa kanilang pangingisda. Isa si Mang Lito sa mga gumagamit ng dinamita sa pangingisda. Para sa kaniya, ito ay mabuti dahil marami siyang nahuhuling isda. Ang kaniyang kita ay ginagamit niya sa pagpapaaral ng kaniyang mga anak.

Isang gabi, nang ihahagis na niya sana ang dinamita sa dagat. May sirenang nagpakita sa kaniya. Ipinaliwanag ng sirena na kaya siya nagpakita kay Mang Lito ay upang pagsabihan itong tigilan na ang paggamit ng dinamita dahil maraming isda ang namamatay. Nagbigay ng babala ang sirena na kapag hindi sila tumigil ay wala na silang isdang mahuhuli sa karagatan. Natakot si Mang Lito na mangyari ito kaya naman simula noon ay hindi na siya gumamit ng dinamita sa pangingisda.


Tingnan natin kung nauunawaan ninyo ang kuwentong inyong napakinggan. Kumpletuhin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagbibigay ng kinakailangang detalye para rito.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Ang pamagat ng kuwentong aking napakinggan ay _____.
2. Si _____ ay isang mangingisdang gumagamit ng dinamita.
3. Maraming mangingisda sa _____.
4. Pinagsabihan ng isang _____ si Mang Kanor na tigilan na niya ang paggamit ng dinamita



Paglililaw sa mga Kaalaman

Babasahin ng guro ang talata.

Mga detalye ng kuwento

Ang kuwento ay nagtataglay ng mga mahahalagang detalye na siyang makatutulong upang magbigay linaw sa mga pangyayari rito. Ito rin ay makatutulong sa mga mambabasa na mas maunawaan ang binasa o napakinggang kuwento.

Narito ang mga tanong na ginagamit upang makuha ang mga detalye sa kuwentong binasa o napakinggan.

- **Ano** – Ito ay tumutukoy sa bagay, hayop, o pangyayari.

Halimbawa:

Tanong: Ano ang ginagamit ng mga mangingisda sa panghuhuli ng isda sa dagat?

Sagot: dinamita

- **Saan** – Ito ay tumutukoy sa lugar o pinangyarihan.

Halimbawa:

Tanong: Saan nagpakita ang sirena kay Mang Kanor?

Sagot: dagat

- **Sino** – Ito ay tumutukoy sa tao o gumanap sa kuwento.

Halimbawa:

Tanong: Sino ang mangingisdang gumagamit ng dinamita?

Sagot: Mang Lito

- **Kailan** – Ito ay tumutukoy sa oras, araw, buwan, taon, o petsa.

Halimbawa:

Tanong: Kailan nagpakita ang sirena kay Mang Kanor?

Sagot: isang gabi

- **Bakit** – Ito ay tumutukoy sa dahilan ng pangyayari.

Halimbawa:

Tanong: Bakit gumagamit ng dinamita ang mga mangingisda?


Sagot: Upang marami silang makuhang isda

- **Paano** – Ito ay tumutukoy sa pagtatanong ng paraan o kilos na dapat gawin.

Halimbawa:


Tanong: Paano mauubos ang mga isda sa dagat?

Sagot: Kung magpapatuloy ang mga tao sa maling paraan ng panghuhuli ng mga isda



Pagpapalalim

Panuto: Ang gawain niyo ngayon ay pangkatang gawain. Mula sa nabasang kuwento, ano sa tingin ninyo ang nagpapakita ng mahalagang detalye. Banggitin sa iyang guro.



Paglalatap ng Karunungan

Pangungusap na Nagsasaad ng Dahilan at Resulta ng Isang Pangyayari

Ang pangungusap ay nagsasaad ng dahilan at resulta/kinalabasan ng isang pangyayari.

Pangungusap	Dahilan	Resulta o Kinalabasan
Isang gabi, nang ihahagis na niya sana ang dinamita sa dagat.	Gustong makahuli ng maraming isda.	maraming isda ang namamatay

Pagsasanay

Ilarawan ang dalawang larawan, sabihin ang pagkakaiba nito.



<https://news.abs-cbn.com/nation/metro-manila/07/11/15/tons-trash-washed-manila-bay-after-habagat-rains>



Manila Bay beach front
(Roxas Boulevard, Manila; 09-19-2020) wiki



Paglatag ng Kasanayan


Basahin ninyo ang maikling kuwento. Pagkatapos, sagutin ang bawat tanong.

Isang Araw sa Parke

Tuwang-tuwang pinapanood nina Tatay Tino at Nanay Malou sina Lulu at Jesi habang naglalaro, isang Sabado ng gabi. Pagkatapos maglaro ay niyaya na nilang kumain ang kanilang mga anak.

Pagkatapos kumain, masaya silang naglakad-lakad sa parke. Habang sila ay naglalakad ay napansin nilang maraming kalat sa paligid at patuloy ang pagtatapon ng mga batang naglalaro ng kanilang kalat. Pinakiusapan ng mag-asawang Tino at Malou ang kanilang anak na pulutin ang mga basura at itapon ito sa tamang basurahan. Pinaalalahanan din nila ang mga ito na huwag tularan ang mga ginagawa ng ibang bata, bagkus sila ay maging mabuting halimbawa upang makatulong sa pagpapanatiling malinis ng kapaligiran.

1. Sino-sino ang magkakasamang naglalaro?
2. Saan naglakad-lakad ang mag-anak?
3. Kailan lumabas ang mag-anak upang maglaro at kumain?
4. Ano ang ginawa ng mga bata sa kalat?
5. Ano ang naging damdamin ng mag-asawang Tino at Malou nang makita nilang nagkalat ang mga bata?



Pagsasalansan

Sa araling ito, iyong nalaman ang pagtukoy sa mga mahahalagang detalye ng kuwento, Gayundin natutuhan ninyo ang pangungusap na nagsasaad ng dahilan at resulta ng isang pangyayari.

ARALIN 22

Malinis at Maayos na Komunidad



Sa araling ito, matututuhan natin ang pagsasagawa ng 3R (*Reduce, Reuse, at Recycle*) para sa kapaligiran.



Layunin

- ◇ Nalalaman ang mga paraan kung paano mapangalagaan ang sariling kapaligiran.
- ◇ Nabibigkas ang mga salitang may panlaping pag-
- ◇ Nauunawaan ang tatlong simbolo na tumutukoy sa *Reduce, Reuse at Recycle*.



Paghihibla ng mga Salita

malinis (ma-li-nis) – maayos, maaliwalas, malinaw

maayos (ma-a-yos) – pagkakaroon ng organisasyon, kaayusan, at pagkakasunod-sunod.




Paghahabi ng Kaalaman

Malinis at Maayos ang aming Komunidad

Sina Ren at Ken ay matalik na magkaibigan. Sila ay mga masisipag at matulungin na barangay tanod. Tuwing umaga sila masipag na nag-iikot sa kanilang

barangay upang siguruhin ang kaligtasan at kalinisan ng kanilang barangay. Hindi lang sila basta-basta nag-iikot lamang, kundi tumutulong din sila sa pagtatanim ng mga puno at paglilinis ng kanilang kapaligiran. Naglalagay sila ng mga paskil ng mga babala upang mapanatili ang kaayusan at kalinisan ng kanilang komunidad. Si Ren ay naglagay ng paskil sa tabi ng ilog na bawal magtapon ng basura. Si Ren naman ay tumutulong sa paglilinis ng estero. Masaya sina Ren at Ken dahil alam nila na sila ay makatutulong upang maging maayos at malinis ang kanilang komunidad.



Pagtatagpi ng Talino


Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
3. Ano ang trabaho nina Ren at Ken?
4. Ano-ano ang ginagawa nila upang makatulong sa kanilang komunidad?
5. Bilang isang bata mayroon ka rin bang magagawa upang mapanatili ang kalinisan ng inyong kapaligiran?



Paglililaw sa mga Kaalaman


Ang tatlong simbolo na ito ay tumutukoy sa *Reduce*, *Reuse* at *Recycle*. Isinasagawa ang 3R para mabawasan ang mga basura sa ating kapaligiran.



REDUCE




REUSE




RECYCLE


Ang *Reduce* ay ang pamamaraan para sa pagbabawas ng mga bagay na isang gamit lang. Halimbawa nito ay ang mga ginagamit na plastic pambalot.




Ang *Reuse* ay ang pamamaraan para magamit muli sa ibang paraan ang mga bagay na itinuturing na basura na. Ito ang na di-nabubulok. Ang halimbawa nito ay ang mga lumang damit na gagawing basahan.



Ang *Recycle* ay ang pamamaraan para makagawa ng bagong bagay na kapakipakinabang mula sa mga lumang gamit na pwedeng pagkaperahan. Tulad sa Reuse, ang kadalasang ginagamit dito ang mga basurang di nabubulok. Halimbawa nito ay ang pakete ng juice na gagawing bag.





Pagpapalalim

Kasama ang iyong kapares, bumuo ng isang palamuti na hugis bituin gamit ang mga straw.

Halimbawa:



Larawan mula kay: creationsbyregina.wordpress.com



Paglalapad ng Karunungan

Panlaping pag-

Ginagamit sa pagbuo ng mga pangngalan mula sa mga pandiwa. Ang paggamit ng pag- ay nagbabago sa isang pandiwa upang maging isang pangngalan na tumutukoy sa aksyon ng pandiwang pinanggalingan.

Halimbawa:

Ang pandiwang “lagay” kapag nilagyan ng panlaping “pag-” ay nagiging paglagay, na tumutukoy sa aksyon ng paglalagay.

Narito ang ilang halimbawa:

Pagsulat (mula sa pandiwang “sulat”)


Ang pagluluto ng adobo ay kanyang espesyalidad.

Pag-awit (mula sa pandiwang “awit”)

Ang pag-awit sa harap ng maraming tao ay nangangailangan ng tapang.

Pagsasanay

Panuto: Bigkasin ang halimbawa ng paggamit ng “pag-” sa pagsasa-pangalan.



Paglalakad



Pagtuturo



Pag-aaral



Pagluluto



Pagtakbo




Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Tukuyin ang mga larawan kung nabubulok, di-nabubulok, at ni-reresiklo. Ilagay sa tamang kahon sa ibaba.

 gulay	 papel	 Balat ng prutas	 damo
 Styropor	 karton	 Iba pang wrappers	 Aluminum can

Nabubulok	Di-Nabubulok	Ni-Reresiklo



Pagsasalansan

Sa araling ito, iyong naunawaan ang kahalagahan ng pagsunod sa panuto at pagbubukod-bukod ng basura upang mapanatili ang kaayusan sa ating komunidad.

ARALIN 23

Alamat ng Ulan

Sa araling ito, mapakikilingan ang isang kuwento tungkol sa ulan. Malalaman mo rin ang mga paalala sa masamang panahon.



Layunin


- ◇ Nakaguguhit ng klima o panahon sa Pilipinas.
- ◇ Nauunawaan ang gamit ng panlaping tag- at ma-.
- ◇ Natutukoy ang mga mahahalagang bagay na kinakailangan kapag masama ang lagay ng panahon.



Paghihibla ng mga Salita

bumubuhos (bu-mu-bu-hos) – malakas at walang tigil ang pag-ulan.

simbolo (sim-bo-lo) – isang bagay, imahe, tunog, o aksyon na nagpapahiwatig ng ibang bagay.



Paghahabi ng Kaalaman

Makinig nang mabuti sa babasahing kuwento ng inyong guro.

Alamat ng Ulan




Noong unang panahon, may isang malakas na hari na naghari sa kalangitan. Ang pangalan niya ay Hari Araw. Si Haring Araw ay nagdala ng liwanag at init sa buong mundo. Ngunit sa kabila ng kaniyang kapangyarihan, mayroon siyang isang anak na mahiyain at mapagmahal na tinatawag na Prinsesang Ulan.




Si Prinsesang Ulan ay mahilig maglaro at magdala ng kaligayahan sa mga tao sa lupa. Tuwing siya'y dumadalaw, ang mga halaman ay sumasaya at ang mga ilog ay nagiging malinis. Ang mga bata ay nag-aalay ng kanilang mga

ulam upang pasalamatan si Prinsesang Ulan.

Ngunit may isang araw, nawala si Prinsesang Ulan nang biglaan. Nagkaroon ng matinding init at tuyong-tuyong panahon sa buong kaharian. Ang mga halaman ay namatay, at ang mga tao ay nauuhaw.




Naglabas ng kanyang lakas si Haring Araw at hinanap ang kaniyang anak. Matapos ang ilang araw, natagpuan ni Haring Araw si Prinsesang Ulan na nagtatago sa isang malaking ulap. Nang makita niya ang kanyang ama, natuwa si Prinsesang Ulan at bumalik sa lupa.



Mula noon, ang ulan ay naging biyaya sa mga tao. Ito'y nagdadala ng sariwang tubig sa mga ilog at nagpapabukid sa mga palayan. Ang mga bata ay masaya sa tuwing bumubuhos ang ulan, at ang kalikasan ay nagiging masaganang muli. Ipinakita ni Prinsesang Ulan na kahit ang mga

malalakas na hari ay dapat maging mapagbigay at magmahal sa kalikasan. Siya’y naging simbolo ng pagmamahal sa kalikasan at kagandahan ng ulan.



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Sino ang mga tauhan sa alamat?
2. Ano ang katangian ni Prinsesang Ulan?
3. Ano ang nangyari sa buong kaharian?
4. Ano ang iyong napulot na aral sa alamat?



Paglililinaw sa mga Kaalaman

Babasahin ng guro ang talata.

Tag-ulan na naman!

Pumapatak na naman ang ulan sa bubong ng bahay!

Sabi nga sa kantang “Pumapatak ang Ulan” ng Apo Hiking Society Kung hindi natin pangangalagaan ang ating kapaligiran, maari tayong makaranas ng malakas na bagyo at malubhang pagbaha. Ngunit, ano ang dapat nating gawin kung tayo ay makaranas nito?

Narito ang ilan sa mga dapat nating tandaan tuwing may bagyo at baha:

MGA DAPAT GAWIN KUNG MAY BAGYO AT BAHA




Pagpapalano ang susi sa
epektibong pagi-was
sa kalamidad

BAGO ANG BAGYO AT BAHA


Itapon nang maayos
ang basura upang
hindi bumara sa
mga kanal



Maging pamilyar
sa mga labasan
at itinakdang lugar
ng pagkikitaan



Alamin ang balita
kasama ang pamilya



Laging maghanda ng survival kit na may:



Radyo



Flashlight



Battery



Battery



Tubig



Payong



Lighter



Pito



First aid

HABANG BUMABAGYO AT MAY BAHÁ

Manatili sa loob
ng bahay kasama
ang pamilya



Alamin ang balita
kasama ang
pamilya



Kung kailangan lumikas,
sumama sa
nakakatanda at
dumaan sa pinakaligtas
na daan



Kung kailangang
lumusong sa baha,
mag-ingat sa mga
bukas na manhole,
kanal o iba pang panganib



PAGTAPOS NG BAGYO AT BAHÁ


Magpaalam kung
kailangang umalis
ng bahay



Magsabi sa nakakatanda
kung hindi mabuti ang
pakiramdam at
pumunta sa
pinakamalapit na
health center o
ospital.




Tanungin ang nakakatanda
kung luto ang
pagkain bago
kainin at kung
malinis ang tubig
bago inumin



Kapag nakakita ng mga bumagsak
na poste at nasirang kable ng
kuryente, ipaalam agad sa nakakatanda



Dapat natin itong tandaan para tayo ay laging handa
at maging ligtas sa panahon ng mga tag-ulan.







Pagpapalalim

Kapag masama ang lagay ng panahon, kailangan meron tayong *emergency/survival bag* na pwede nating paglagayan ng mas mahahalagang bagay na magagamit natin.



Tignang mabuti ang mga larawan. Lagyan ng tsek (✓) ang larawan na dapat ilagay sa loob ng *emergency/survival bag*.





Paglalapad ng Karunungan

Gamit ng panlaping tag- at ma-

Ang panlaping tag- ay ginagamit upang tukuyin ang isang tiyak na panahon. Ito ay madalas na ginagamit sa konteksto ng mga panahon sa Pilipinas.

Halimbawa:

Tag-ulan – tumutukoy sa panahon ng ulan.

Halimbawa: Sa panahon ng **tag-ulan**, madalas na bumabaha sa mababang lugar.

Tag-araw – tumutukoy sa *dry season* o *summer*.

Halimbawa: Tuwing tag-araw, maraming pamilya ang nagpupunta sa mga *beach* para magbakasyon.

Ang panlaping **ma-** ay ginagamit para maglarawan ng kondisyon ng panahon, partikular sa temperatura at pakiramdam na dala nito. Ito ay nagpapahayag ng mga katangian o kalidad ng panahon na nararanasan.

Halimbawa:

Mainit – Naglalarawan ng mataas na temperatura.

Halimbawa: Napakainit ng panahon ngayon, aabot sa 35 *degrees Celsius* ang temperatura.

Maalinsangan – Tumutukoy sa panahon na hindi lamang mainit kundi *humid* o maalimuom din, na nagdudulot ng pakiramdam ng pagiging malagkit ng balat. Halimbawa: Maalinsangan ngayong hapon, mabuti pa'y manatili na lang tayo sa loob ng bahay.

Pagsasanay

Panuto: Pumili kayo ng panahon o klima sa Pilipinas. Gumuhit ng eksena na nagpapakita ng napiling panahon.

Halimbawa: para sa tag-araw, maaari silang gumuhit ng beach, araw, at mga batang naglalaro sa labas.



Paglatag ng Kasanayan

Maglalaro tayo ng Tao-Bahay-Bagyo. Bubuo kayo ng pangkat na may tatlong miyembro. Ang isa ay tatayo bilang Tao at ang dalawa naman ay maghahawak kamay at maghuhugis Bahay. Ang guro ang magiging Taya.

Kapag sinabing TAO, ang mga tumatayong TAO ay maghahanap ng bagong BAHAY.

Kapag sinabi namang BAHAY, ang mga tumatayong BAHAY, maghahanap ng bagong kapares para makabuo muli ng BAHAY.

Kapag sinabing BAGYO, pwede kayo magpalit ng karakter, pwedeng TAO o BAHAY.

Kung sino ang maiiwan, siya ang magiging TAYA.



Pagsasalansan

Iyong nalaman ang kahalagahan ng pagsunod sa mga paalala. Gayundin iyong natutuhan ang gamit ng panlaping tag- at ma- sa pagtukoy ng panahon sa Pilipinas.

ARALIN 24

Ayaw Maging Taya ni Buding Biik



Sa araling ito, makikilala natin ang ilan sa mga pangunahing produkto at ang mga sikat na tanawin sa mga lalawigan. Mabibigyang halaga ang likas na yaman ng ating bansa. Matutukoy rin ang mga salitang magkakatugma o magkakatunog.



Layunin


- ◇ Nasasagot ang mga tanong tungkol sa nabasa o napakinggang pabula.
- ◇ Nakikilala ang mga iba't ibang pangunahing produkto at mga sikat na tanawin.
- ◇ Natutukoy ang mga salita na magkatugma o magkakatunog ang huling pantig ng salita.



Paghihibla ng mga Salita

patas (pa-tas) – nasa tama at hindi nanglalamang

anyaya (an-ya-ya) – nag-imbita upang sumali



Paghahabi ng Kaalaman

Ayaw Maging Taya ni Buding Biik

Isang araw sa Bundok Banahaw, nagkayayaang maglaro ng habulan ang magkakapitbahay na sina Ben Bibe, Mandy Manok, Kardo Kambing, at Ursula Usa.

“Laro tayo ng habulan.” Yaya ni Mandy Manok.

“Sige! Kaso sino ang taya?” Sagot ni Ursula Usa.

“Sige ako na ang taya! Takbo na!” Sigaw ni Ben Bibe.

Tuwang-tuwang nagtakbuhan ang lahat at pilit silang hinabol ni Ben hanggang si Kardo naman ang naging taya. Sa ginawang paglalaro ng magkakapitbahay nagising nila si Buding Biik.

“Pwede ba akong sumali?” tanong ni Busing Biik.

“Sige sali ka pero ikaw ang taya.” Sagot ni Kardo Kambing.

Ngunit sa halip sa maging taya ay agad na tumakbo si Buding Biik. “Ha! Ayoko nga. Habulin niyo muna ako.”

Wala nang nagawa ang iba ngunit magtakbuhan at nagpresenta si Kardo Kambing na maging taya.

Masayang nagtakbuhan ang magkakapitbahay. Sa katagalan ng laro halos naging taya na ang lahat hanggang mahabol ni Mandy si Buding.

“Hay! Sa wakas, ikaw na ang taya Busing.” Hingal na sabi ni Mandy Manok.

“Huh? Bakit ako eh hindi mo naman nahabol ha?”
Pagsisinungaling ni Busing Biik.

Walang nagawa si Mandy, muling nagtakbuhan ang lahat hanggang si Ursula ang pumalit. Dahil mabilis tumakbo si Ursula nataya niya rin si Buding at nakita iyon ng lahat.

“Buding ikaw naman ang taya.”

“Tama! O kami naman ang habulin mo Buding!”
Magkasunod na angal ni Mandy at Kardo.

“Ngek! Ako na ang taya? Ayoko na maglaro. Uwi na lang ako.” Nakabusangot na sagot ni Buding.

“Bakit ka naman ganyan Buding? Nataya ka lang ayaw mo nang maglaro.” Tanong ni Kardo.

Hindi ka patas maglaro Buding! Tandaan mo hindi sa lahat ng oras panalo ka. Minsan kailangan marunong ka ring tumanggap ng pagkatalo.” Susog ni Bibe.

Dahil sa ginawang pag-ayaw ni Buding sa laro hindi na siya kailanman isinali ng magkakapitbahay na sina Mandy, Ben, Ursula, at Kardo.

Malungkot na malungkot si Buding Biik sa tuwing makikita niyang nagkakasayahan ang magkakapitbahay. Lumipas ang isang linggo, hindi na nakatiis pa si Buding. Nilapitan na niya sina Mandy, Ben, Ursula, at Kardo.

“Patawarin ninyo ako! Hindi ako naging patas sa laro. Ngayon alam ko nang hindi sa lahat ng oras ako ang panalo, dapat marunong din akong tumanggap


ng pagkatalo. Sana mabigyan ninyo pa ako ng isang pagkakataon, patawad!” Pakiusap ni Buding Biik.


Pinatawad naman siya ng magkakapitbahay dahil nais naman nilang makalaro si Buding basta patas lang siya.

Muling naglaro ang magkakapitbahay at masayang-masaya ang lahat dahil nagbago na si Buding. Si Buding na marunong nang tumanggap ng pagkatalo.

Naibigan niyo ba ang kuwento?

Kung mapapansin ninyo ang mga tauhan ay mga hayop. Ang tawag dito ay isang pabula, isang uri ng maikling kuwentong pambata na may itinuturong aral.





Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Unawain ang mga tanong at sagutin ito.

1. Sino-sino ang magkakapitbahay?
2. Ano ang kanilang nilaro?
3. Sino ang unang nataya?
4. Bakit hindi isinali sa paglalaro si Buding?
5. Humingi ba ng tawag si Busing sa kaniyang inasal? Paano niya tinanggap ang kaniyang pagkakamali?






Paglililinaw sa mga Kaalaman


Pagmasdan ang larawan? Ano ang inyong nakikita? Binanggit nga ito sa ating pinakinggang kuwento, ito ay isang palayan na makikita sa ating kapaligiran.




Mayaman ang kalikasan ng Pilipinas dahil sa tinataglay nitong likas na yaman. Narito ang ilan sa mga pangunahing produkto at mga sikat na tanawin o pasyalan na mga lalawigan sa bansa.

Iba't Ibang Pangunahing Produkto at mga Sikat na Tanawin sa mga Piling Lalawigan

Lalawigan	Produkto	Tanawin
Guimaras	 Mango Capital	 Guisi Beach at Guisi Lighthouse
Davao del Norte	 Banana Capital	 Samal Island
Bukidnon	 Pineapple Capital	 Panimahawa Ridge


Nueva Ecija	 Rice Capital	 Minalungao National Park
Pangasinan	 Bangus Capital	 Hundred Islands



Pagpapalalim

Ibahagi sa iyong kapares ang iyong paboritong prutas at tanawin na inyo nang napuntahan.

Marian: Ang paborito kong prutas ay saging.



Bobby: Ang paborito kong lugar na puntahan ay ang Manila Zoo.




Paglalapad ng Karunungan


Mangga




Bangga



Pinya



Linya



Magkatugma at Magkasintunog

Bigkasin ang mga sumusunod na salita.

Mapapansin na magkapareho ang tunog sa hulihan ng dalawang magkaibang salita. Tinatawag ang mga ito na salitang **magkatugma** at **magkasintunog**.

Pagsasanay

Panuto: Sabay-sabay na awitin ang kantang
Magtanim ay 'di biro ng Bulilit Singers. Tukuyin ang
magkakatatugma na salita.

Magtanim ay 'di biro
Maghapon nakayuko
'Di man lang makaupo
'Di man lang makatayo

Braso ko'y namamanhid
Baywang ko'y nangangawit
Binti ko'y namimintig
Sa pagkababad sa tubig

Sa umagang paggising
Ang lahat iisipin
Kung saan may patanim
May masarap na pagkain


Halina, halina, mga kaliyag
Tayo'y magsipag-unat-unat
Magpanibago tayo ng landas
Para sa araw ng bukas
Para sa araw ng bukas






Paglatag ng Kasanayan


Banggitin sa harapan ang mga hayop na nabanggit sa kuwentong binasa.



kambing




bibe




manok




kalabaw



aso



ibon



Pagsasalansan

Sa araling ito, nakikilala ang ilan sa mga pangunahing produkto at ang mga sikat na tanawin sa mga lalawigan. Nabibigyang-halaga ang likas na yaman ng bansa. Natutukoy rin ang mga salitang magkakatatugma o magkakatatunog.